



Tagalog Online Pocketbook
The leading source of online pinoy stories



I'd Still Say Yes

Heidz

"Binuwag ko na ang kasunduan natin. Pinuputol ko na ang pagkakaibigan natin. I can't be friend with you because I have started loving you, Liz."

"Binuwag ko na ang kasunduan natin.

Pinuputol ko na ang pagkakaibigan natin.

I can't be friend with you because I have started loving you, Liz."

I'd Still Say Yes

Akda ni:

Heidz

<http://www.facebook.com/pages/Heidz/270677219638978>

Unang Pag-Imprenta, 2013

Karapatang Pag-aari © 2008-2013, Tagalog Online Pocketbook

Lahat ng karapatan ay reserbado. Walang bahagi ng publikasyong ito ang maaaring kopyahin, sa anumang anyo o paraan ng walang pahintulot sa pamamagitan ng pagpapadala ng liham sa amin.

Ang ebook na ito ay obra ng mga manunulat na nagsulat nito. Ang Tagalog Online Pocketbook ay hindi ginarantiya ang kawastuhan ng mga bawat nakasulat dito at hindi tumatanggap ng anumang panagutan para sa anumang resulta ng paggamit nito.

Kung may pagkakahalintulad man sa pangalan, lugar, bagay, pangyayari o anuman sa tunay na buhay ay pahindi ito sinasadya dahil ang mga ito ay pawang kathang isip lamang.

Para sa karagdagang impormasyon, alamin ang mga sumusunod na detalye sa ibaba.

- Website <http://www.tagalogonlinepocketbook.com>
- Email support@tagalogonlinepocketbook.com
- Facebook <http://facebook.com/tagalogonlinepocketbook>
- Join Us <http://facebook.com/groups/tagalogonlinepocketbook>
- Like Us <http://facebook.com/topreader>
- Follow Us <http://twitter.com/topocketbook>

TEASER

First love always occupies special place in every woman's heart. But it could be heartrending at the same time. Katulad na lamang ng nangyari kay *Melissa*. Nang sapilitang isama siya ng matalik na kaibigan sa isang masquerade ball, may nakilala siyang isang misteryosong lalaki. Pagkaraan ng gabing iyon, lagi na itong laman ng kanyang isip. She was caught up in that whirl of first love. Kaya lang, it's impossible for them to end up together, dahil nasa *Silangan* ito at nasa *Kanluran* naman siya.

After few years, she met Jake—ang lalaki namang tumulong sa kanya upang sumubok muling umibig. Ngunit kung kapalara'y magbiro at magkrus ang landas nilang tatlo, sino ang mananaig sa kanyang puso—ang nakaraang pag-ibig o ang bagong pag-ibig?

AUTHOR'S NOTE:

Finally, mapa-publish na rin ulit ito sa TOP! It took me so long para i-release ito ulit. Alam kong hindi na ito bago sa iba dahil minsan ko na itong nai-post sa Fate, but I still recommend them to read this. Ni-revise ko ang story. Mas pinakilig. Mas nakakaiyak. Mas pinaraming twist!

Bakit nga ba ni-revise ko pa? Marami kasi ang naghihintay ng story na ito na mai-post sa TOP ulit. Kinakalabit na nila ako pero I have found out some loopholes kaya kinakailangan kong i-edit iyon, hanggang sa maisipan ko na talagang i-revise. And due to my hectic schedule, hindi ko kaagad nagawang asikasuhin kaya ngayon ko lang ito muling napagtuunan ng pansin.

*I dedicate this story, still, to **Melissa Callejo**. Hopefully, she'll love the revision. At iniaalay ko rin ito kay **Charlotte Jean Ortiz**. Sa mga nag-abang ng story na ito, sana matumbasan ko iyon. Sana maging worthy ang paghihintay ninyo.*

*I love you, readers! I so much love TOP, of course, kasama na rin kayo doon mga TOPpers. You have given me so much inspiration to continue my passion. Sana magustuhan ninyo ang istorya ni Mhel at Kyle! :) Oh by the way, si Kyle ang kuya ni Chris Thalia (Tekla) na nasubaybayan natin sa *I Second That Emotion*.*

Happy reading!

PROLOGUE

“I’M over you.”

Unti-unting ibinaba ni Melissa ang maskara sa kahon pero tila alumpihit siyang gawin iyon. Dahil sa oras na ipasok niya iyon sa kahon, kasabay niyon ang pagtupad niya nang ipinangako sa sarili—na ititigil na niya ang pagpapatansiya sa misteryosong lalaking nakadaupang palad niya sa masquerade ball.

That night was probably the magical moment of her life. She was caught in the whirl of first love. In an instant moment, she has experienced how it felt to be in love. Her stomach jolted and twisted, her heart was beating so hard, sudden rush of emotions overwhelming her being. And when their eyes met, it seemed like eternity. Kung noon ay hindi siya naniniwala na maaaring main-love ang isang tao sa ilang segundo lamang, ngayon ay kinakain na niya ang mga sinabi niya.

Pero hindi siya nakakuha ng lakas ng loob para alamin ang pangalan nito. At pagkatapos ng gabing iyon, hindi na muli naulit ang pagkakataong magkita sila. Every second, every minute, she was thinking of him. He also invaded her dreams. Alam naman niyang hanggang panaginip na lamang ang lahat. They could not end up together. Wala naman silang contact sa isa’t isa. At hindi naman din niya alam kung naramdaman din nito ang naramdaman niya para rito. Isa pa, halatang sa Maynila ito naka-base samantalang taga-Laguna naman siya. Ang matalik na kaibigan lang naman niya ang namilit sa kanyang dumalo sa masquerade ball. Nagkataon kasing lumuwas sila ng Maynila noon na nasabay naman sa event na iyon. Knowing her friend, alam niyang hindi nito palalampasin ang pagkakataong iyon. So she joined, at talagang hiniklat din siya nito. Well, she won’t regret coming with her. At least, binigyan siya niyon ng panibagong

karanasan. Hindi pang-karaniwan na karanasan. That's one of the best experiences that would surely last a lifetime.

First love is powerful. Pero kailangan niya iyong kalabanin. Imposibleng mahalín nito ang isang tulad niya kaya habang maaga pa dapat na niyang putulin ang kabaliwan niya. Kailangan niyang magising sa katotohanan. Hindi ibig sabihing *first* love ay siya na rin ang iyong *last* love o ang makakatuluyan mo sa huli. Mahirap nang umasa. Masakit.

She breathed heavily. Isinilid na niya ang maskara sa loob ng kahon. Isinara niya iyon. Napabuntong-hininga siya. "Someday, if time comes that we'll meet again; I hope that our hearts will meet in halfway, too..."

CHAPTER 1

“KANINA pa tapos ang klase mo, ha? May tutorial class ka pa ba?”

Nag-angat ng tingin si Melissa nang marinig ang tinig na iyon ng kanyang matalik na kaibigang si Kate; na siya ring co-teacher niya sa paaralang pinagtuturuan. Inayos na muna niya ang mga librong nasa mesa at isinalansan sa kanyang bag. Pagkuwa’y nagsalita, “Wala akong tutorial ngayon. May hinihintay lang ako.”

“Ano naman ang hinihintay mo? Pasko?”

“Ikaw talaga, puro ka biro. Si Jake ang hinihintay ko.” tukoy niya sa kanyang nobyo. “He volunteered to drop me home. Ang sweet, ‘di ba?”

Napalatak ito. “Huwag mo nang subukan ibida sa akin ang boyfriend mo dahil hindi pa rin magbabago ang tingin ko sa kanya. He cheated on you, baka nalimutan mo?”

Napabuntong-hininga siya. “That issue was over, best. Why don’t you give him a chance? Mukha namang nagbabago na ‘yong tao.”

“Pang-ilang beses ka na ba niyang *ginago*, ha?”

“Kate naman...” pigil niya rito. Hindi kasi niya gusto ang nakakarinig ng kung anumang *foul words*, lalo na kung sa kaibigan pa niya galing. Pero, naiintindihan naman niya kung bakit nakapagbitiw ng ganoong salita si Kate, eh. Mabuti na lamang at silang dalawa na lamang ang nasa *Faculty room*.

“Kailan ka ba mauuntog, sis? Gusto mo pa bang i-enumerate ko ang mga panloloko niya sa ‘yo? Pinagsinungalingan ka niya ng paulit-ulit. Ang dahilan, dahil sa babae! Sa ibang babae!

And the last time he did that; you've seen it by your two eyes. Ano ba ang mayroon si Jake para hindi mo siya mabitiwan, ha?"

"Hindi pa ba sapat na mahal ko si Jake? At alam mo na malaki ang pagkakautang ko sa kanya. Iniligtas niya ang buhay ko."

"And that's my point. Minahal mo lang ba si Jake nang dahil sa pagliligtas niya ng buhay mo? Iyon ba ang dahilan kung bakit hindi mo siya masuko-suko?"

"Hindi ba admitted naman ako na noong una ay sinagot ko siya nang dahil sa pagsagip niya sa akin, pero sa paglipas naman ng panahon, I have learned to love him. I don't want to judge him because of all his mistakes. I chose to continue our relationship because of all the right things he'd done for me. Everyone deserves a second chance."

"Okay, I accepted that. Pero kasi, hindi ito second chance lang. You have given him so many chances. At kasabay no'n, you've given him chances to hurt you. You're smart, Melissa. Use your head. Hindi lagi ang puso ang kailangang pinapairal."

"Paano naman kung nagbabago na talaga 'yong tao, 'di ba?"

"Umamin ka nga sa akin. May nangyari na ba sa inyo?"

She could feel her cheeks turning red. "Kate, hindi naman 'ata tama na pag-usapan natin ang mga ganyang bagay."

"My goodness! Huwag mong sabihing isinuko mo na ang sarili mo sa kanya? Melissa naman!"

“You have misinterpreted me, Kate. Wala pang nangyayari sa amin. It’s been how many times na rin niya akong niyaya na gawin ‘yon pero lagi ko siyang tinatanggihan. I am not yet ready. Kilala mo naman ako, ‘di ba?”

Na-relieve naman ang kaharap. “*Jusmiyo*, kinabahan ako ro’n ah. Oh well, nasaan na ngayon ang hinihintay mo? Tingnan mo nga, nagsisimula na naman siya. Lagi ka na lang pinaghihintay sa wala.”

“Na-late lang siguro ng kaunti.”

Napailing na lamang ito. Pagdaka’y binalingan na nito ang gamit nito sa inookupa nitong desk. Samantalang siya naman ay napatingin sa relong-pambisig. Halos isang oras na ring late si Jake sa pinag-usapan nilang oras. Hindi na niya iyon babanggitin pa sa kaibigan dahil lalo pang masisira ang imahe nito rito.

Mag-tatatlong taon na silang mag-nobyong ni Jake. Nakilala niya ito isang gabi, nang gabing iniligtas nito ang buhay niya mula sa isang holdaper. Kawi-withdraw pa lamang niya sa bangko noon at natiktikan siya. Ngunit imbes na ibigay ang pera sa holdaper ay nagmatigas siya. Kailangang-kailangan niya iyon para sa pagpapagamot sa kapatid. At nagulat na lamang siya nang may bunutin itong baril sa bulsa at itutok sa kanya. Pero bago nito makalabit ang baril ay may sumaklolo sa kanya. Si Jake.

At simula nang araw na iyon ay sinuyo na siya ni Jake, isang taon din ang nilakad ng panliligaw nito sa kanya hanggang sa sagutin na rin niya ito. Sino ba naman siya para hindi ito pagbigyan, gayong sobra ang effort na ipinapakita nito? Jake is a very sweet and caring man. Naging maganda naman ang resulta nang pag-oo niya rito. Ngunit nang lumaon, hindi na niya maintindihan kung bakit ganoon na lamang ang panlalamig nito sa kanya. Bihira rin kasi silang

lumabas dala ng mahigpit ng schedule niya sa pagtuturo. Iyon din siguro ang rason kung bakit nagawa nitong mambabae. She was hurt terribly. At noon niya na-realize kung gaano ka-importante sa buhay niya si Jake. She couldn't dump him just like that. Kaya nang suyuin siya nito, hindi na siya nagmatigas pa. Hahayaan pa ba niyang mangibabaw ang sakit kaysa sa pagmamahal niya para rito? Mas importante pa ba ang sakit kaysa sa taong maaaring mawala sa kanya?

Pero mukhang 'eto na naman. Nangyayari na naman ang hindi dapat. Nagkamali nga ba siya nang bigyan niya ito ng pagkakataon?

“See? Nasaan na ngayon ang Jake na ‘yan?’” pukaw ni Kate sa kanya.

“Kate...”

“Halika na, umuwi na tayo. Madilim na. Hinihitay ka na ni Yan-Yan,” tukoy nito sa walong taon niyang nakababatang kapatid. Sa mga ganoong araw na may klase siya ay ipinagkakatiwala niya muna ito sa ina ni Kate. Magha-hire na sana siya ng iba ngunit nagboluntaryo ang ina nito at hindi na siya nakatanggi pa.

“Five minutes,” pakli pa niya sa kaibigan.

“Okay. After five minutes at hindi siya dumating. We'll go home, sa ayaw mo o sa gusto mo.”

Wala na siyang nagawa kundi magpatianod sa sinabi nito.

BINALOT ng kahungkagan ang puso ni Melissa. Hindi nagpakita si Jake. Pinigilan niya ang sariling maiyak. Kinonsinte niya ang sariling baka abala lamang ito sa trabaho kaya hindi nito nagawang sunduin siya.

Gaano naman kahalaga at pati pag-text man lang sa iyo ay hindi niya nagawa? kalabit ng kanyang konsensiya.

She released a very deep sigh. Kasabay niyon ang pagtawag sa kanya ng isang pamilyar na boses.

“Ate, ‘andyan na si Kuya Jake,” ani kanyang kapatid. Tinakbo pa nito ang lalaki. Malapit kasi ito at ang nobyo niya, na siyang ikinatutuwa niya.

“Yan, pumasok ka na muna sa loob. Mag-uusap lang kami ni kuya,” aniya.

“Sige po” anito at pagkuwa’y binalingan si Jake. “Basta kya after n’yong mag-usap ni ate, magpe-play tayo, ha?”

Ginusot ng lalaki ang buhok nito. “Oo naman. We’ll just talk ni ate mo at pagkatapos, mag-play na tayo kahit hanggang anong oras mo pa gusto.”

Nang makapasok ang kapatid ay agad niya itong kinompronta. “What is it this time, Jake?” paanas niyang sabi.

“Darling,” anito, sabay hawak sa kanyang braso. Na siya namang iwinasiwas niya. Marahas itong napabuntong-hininga. “Mhel, I’m so sorry, hindi ko kasi namalayan ‘yong oras, eh. Ang dami kasing pinagawa sa akin ni Boss. I promise, babawi ako tomorrow.”

“Hindi na. Huwag na lang. Hindi mo ba napapansin, Jake? Bumabalik na naman tayo sa dati. Umiiral na naman ang pagiging *ningas cogon* mo. Jake, hindi tayo naglalaro. At kung laro man ito, well, there will come a time na magge-game over na.”

“What are you trying to say?”

“Jake, marunong akong mapagod, mas lalo namang marunong akong masaktan. Alam ko naman na may pagkukulang din ako sa iyo pero sobra naman yata ‘yung ginaganti mo sa ‘kin. Pang-unawa lang, Jake.”

“I’ve always trying to understand your reasons, Mhel. Na kailangan ka ng mga estudyante mo, na ginagawa mo ito para kay ‘Yan, na dahil ikaw na lang ang pamilya niya. Pero, kasama ba ko sa mga naging priority mo, Mhel? Kung man, I know that I’m on the least.”

“Alam mong hindi totoo ‘yan. You know how much you mean to me. Sinabi ko naman sa ‘yo na every holidays, every sembreak, ibibigay ko ang oras ko sa iyo, hindi ba? Jake, you don’t know how hard it is for me. Kung mahahati ko lang ‘yung katawan ko, I’ll do. Pero, hindi eh.”

“At iyon ang mali sa iyo, Mhel. You don’t know how to balance your time.”

Napaawang ang labi niya sa sinabi nito. She never expected that he would say that.

“Mhel, hindi lang ikaw ‘yung marunong masaktan. Whenever you turn down my favor, hindi mo lang alam kung gaano ‘yon kasakit sa akin. Kung ikinagagalit mo ‘yong hindi ko pagsundo sa iyo, sinabi ko naman na babawi ako, ‘di ba? At kung iniisip mo naman na may ginawa na naman akong kalokohan, you’re so wrong with it.”

“I’m not saying and not even thinking na may kinalolokohan kang iba, Jake. My point here is ‘yong nangyari ngayon na posible na namang magtuly-tuloy. At saka alam mo naman na gusto kong maibalik ‘yong tiwala ni Kate sa ‘yo.”

“So, si Kate pala ang discussion dito? Bakit ba lagi na lang kasama si Kate kapag ganitong nagtatalo tayo? Bakit lagi ‘yong side niya ‘yong nakikita mo? Bakit hindi ka magdecide nang para sa sarili mo na hindi iniisip ang opinyon ng iba?”

“Jake, hindi naman puwede ‘yong gusto mo. Kaibigan ko si Kate kaya importante—”

“I know that she’s more important than to me.”

Napailing-iling siya. “Hindi tayo nagkakaintindihan Jake, eh. She’s not just a friend, para ko na rin siyang tunay na kapatid. Ang gusto ko lang naman sabihin, eh, sana magkaayos kayo. Dati naman kayong okay at gusto ko na maibalik ‘yon. Is that too much to ask?”

“May mga bagay sa mundo na sadyang mahirap ibalik. At lahat ng bagay, may tamang panahon. Who knows, sooner or later, everything would be back to normal. At saka, ano ba ang gusto mong paratingan ng usapang ‘to?”

“Hindi ko alam, Jake. Nalilito ako. Naguguluhan.”

“Don’t tell me that you’re trying—”

“I just need space. I need time to think. Mukhang naging mabilis ‘ata ‘yong naging desisyon ko noon na patawarin ka kaagad. I should have tested you kung hanggang saan ang kaya mo para sa akin. For the three years na on-off ang relationship natin, tama lang naman siguro kung sisiguruhin ko na this time ang relasyon natin, ‘di ba? Mahirap naman na sa bandang huli ay masaktan mo na naman ako.”

“I can’t believe this. After you have given me chance, ngayon binabawi mo na?”

“Hindi lang ito para sa sarili ko kundi para rin sa ‘yo. Ayoko naman na sa bandang huli, pagsisihan natin ito pareho. One week lang ang hinihiling ko sa ‘yo.”

“One week? Tapos ano, pagkaraan noon ay hihiwalayan mo na ko? Bakit kailangan mo pang patagalin? Gusto mo ba talagang paasahin ako sa wala?”

Hindi niya magawang tingnan ito ng deretso dahil sa sakit na nakarehistro sa mga mata nito. Hindi rin niya alam kung tama ba ang desisyon niyang iyon pero kailangan, eh. Kailangan na paminsan-minsan ay hindi niya pairalin ang puso niya.

“Jake, please...”

“Hindi ko talaga maintindihan kung bakit mo naisipan ‘yan, Mhel. Pero sige, pagbibigyan kita sa gusto mo. No more calls, no more texts not until dumating ‘yong one week na hinihiling mo. Makakaasa ka na hindi ko gagambalain ang pag-iisip mo. At umaasa ako na matatagpuan mo pa rin ako sa puso mo. Maghihintay ako, Mhel.”

“Thank you, Jake.”

Lumapit ito sa kanya at hinagkan ang kanyang noo. “I love you. So I better go. See you next week.”

Sana ganyan ka na lang lagi, Jake. Hindi na sana tayo umabot pa sa ganito.

“ATE, nasaan na si Kuya Jake?”

Napakislot si Melissa nang marinig ang tinig ng kanyang kapatid. Pumasok na siya sa loob at isinara ang gate.

“Ah, may tumawag sa kuya mo, eh. May lalakaran siyang importante.”

“Pero ate, nag-promise siya na magpe-play kami, eh. Hindi siya marunong tumupad sa promise niya,” ngumuso ito. Mahihimigan ang pagtatampo sa boses nito.

Niyukod niya ang kapatid. “Baby, you could play some other time. Just not now.”

“Dahil ba may problema kayo ni Kuya Jake, ate?”

Nagsalubong ang kilay niya sa siinabi nito. Sometimes, Marianne acts like a big girl already. She talks as if she’s her bestfriend that she can lean on anytime. Palihim niyang kinagat ang sariling labi para pigilan ang pagbalong ng luha sa mga mata niya.

Pinisil niya nang marahan ang pisngi nito at pagdaka’y ang ilong naman nito. “Wala kaming problema, ’Yan,” matipd niyang sabi.

“But why are you yelling at each other?”

Pagak siyang napatawa. “Ikaw talaga. ‘Di ba, I told you na hindi ka dapat nakikinig sa usapan ng matatanda?”

Kumunot ang noo nito at napalabi. “Eh, ang lakas n’yo kayang mag-usap.”

Napatawa siyang muli. “Hay naku!” Then after, she embraced her so tight. She suppressed a sob to come out her mouth. She was so blessed to have a little sister like her. She overcomes her fears. She’s the one who can make her smile behind the pain she was feeling. Her mother’s death was very worthy. May sakit ang kanilang ina sa puso na naging dahilan ng

komplikasyon sa pagpapaanak nito kay Marianne at naging daan upang magwakas ang buhay niyon. Sa kabila man ng paghihirap ng ina sa pagdadalang-tao ay ginawa pa rin nito ang lahat para mailuwal ng maayos si Yan kahit ang maging kapalit pa nito ay ang sariling buhay.

“Ate, don’t cry,” sabi nito na gumising ng diwa niya.

Doon niya namalayang nag-uunahan na sa pagpatak ang luha sa kanyang mga pisngi. Pasimpleng binura niya iyon. “I’m not crying. Halika na, pasok na tayo sa loob.”

CHAPTER 2

“CLASS dismiss! Goodbye and see you tomorrow,” paalam ni Mhel sa kanyang mga estudyante.

“Goodbye and thank you Ma’am Mhel...See you again tomorrow and God bless you,” koro ng buong klase.

Pagkaranig niyon ay sinimulan na niyang samsamin ang mga libro sa mesa. Nang palabas na siya ng room ay nagkasalubong sila ni Kate. Nananantiyang tiningnan siya nito. She just smiled in return. She doesn’t want to talk about Jake. Not now. She’s still in a limbo. Gaya ng sinabi nito, hindi nga ito tumawag ni nag-text sa kanya. Desisyon niya iyon pero bakit tila sumisikdo ang dibdib niya sa sakit?

“Fake smile,” tirada ng kaibigan.

“It isn’t,” depensa niya. Nagsimula siyang maglakad. “Hmm, sabay na tayong umuwi.” pag-iiba niya ng usapan.

Sinundan siya nito. “Kilala mo ko, Melissa. You can’t just avoid the topic once I initiated it. What happened yesterday? Ano na naman ang alibi niya?” mahinang tanong nito.

Hindi niya ito sinagot hanggang sa makarating na sila ng Faculty Room.

“Siguro naman ngayon, puwede mo nang sagutin ang tanong ko. Dalawa na lang tayong nandito. Now, tell me.” ani Kate.

She expelled a sad breath. She felt like crying but still she fought the urge to cry in front of her. Bahagyang itiningala niya ang ulo upang mahadlangan ang nagbabadyang pabagsak ng

luha sa mga mata. She composed herself first before facing Kate. “We had an argument last night. I decided to...”

“You broke up with him?” gulat na gulat na sapantaha nito.

“Almost...because I still can’t bear breaking up with him. I have just asked him to give me time and space to think over between us. Pero kasi...” There. Tears began to pour her eyes. “Nga-Ngayon pa lang ‘ata talo na ko sa kasunduan namin, *bhezzie*.”

“Mhel...” Dinaluhan siya nito at saka hinagod-hagod ang likod niya. Bumigay na siya. Yumapos siya rito at saka ibinulalas ang sakit na nararamdaman. At nang may maramdaman silang mga yabag, mabilis nilang inayos ang mga sarili. Pagkapasok ng ibang kasamahan na guro, tumalilis naman sila ng alis.

Dumiretso sila sa bahay nito. Doon nila ipinagpatuloy ang pag-uusap. Doon din niya itinuloy ang pag-iyak niya. Inalo naman siya nito.

“Listen to me me, *bhestie*. I know you consider what I have said to you kaya mo napagdesisyunan na mawala muna ang contact ninyo ni Jake. Mhel, it’s still your choice. It’s your life. I just said that to warn you from getting hurt again. You know that I can’t bear seeing you in that case.”

Marahan siyang umiling. “It’s not just because of you, Kate. I did this because it’s the right thing to do. I should have done this from the very first time he’d done wrong. I should not have tolerated him. Tama ka naman, masyado akong mabilis magpatawad. Madali akong suyuin. That’s my weakness.”

Pinisil nito ang kamay niya. “But seeing you now, I’d rather push you towards him. Mas gugustuhin kong ipaubaya ka na sa kanya kaysa nakikita kang nagkakaganyan.”

“Kung...Kung paiiralin ko na naman ang karupukan ko, walang mangyayari sa amin, Kate. Paninindigan ko kung anuman ang sinabi ko. Ito ang tama, ‘di ba?”

Lumamlam ang mga mata nito. “But even though you’ll do this, I know you’ll end up in one decision—to forgive and forget everything that he had done to you. Tama ako, ‘di ba? So what’s the sense of hurting yourself now?”

“This is to testify how much he loves me. Kung talagang mahal niya ko, he would run after me. I mean, hindi niya hahayaan na lumipas lang ang isang linggo. Just please trust me, Kate. I know what I am doing.”

“You must know the consequences of that. Alam kong umaasa ka at ‘yon ang magdadala sa iyo sa sakit, eh. What if wala siyang gawin?”

“Then let go.”

Napasabunot ito sa sariling buhok. “That’s a stupid decision! You love him. At paano kung sinunod niya lang talaga ang naging kasunduan ninyo?”

Maang na napatingin siya rito at saka tumaas ang sulok ng kanyang labi. “Uy, ibig bang sabihin niyan, okay ka na kay Jake?”

“Alam mo namang bestfriend kita. Kung saan ka masaya, susuportahan kita. Teka lang, naseseg-way ang usapan, eh. Sigurado ka bang alam mo ang ginagawa mo?”

Napabuga siya ng hangin. “To be honest, hindi. Nalilito na ko. Ayoko lang naman kasing masaktan ulit. Ayoko nang magkamali ulit. Ayoko nang magpadalus-dalos ng desisyon.”

“Sa ginagawa mo pa lang ngayon, sinasaktan mo na ang sarili mo. Gumagawa ka ulit ng mali. At nagdedesisyon ka na naman ng padalus-dalos. Itinutulak mo ang sarili mo sa bangin, alam mo ba iyon?”

“Kate, hindi na kita maintindihan. Ngayon na ginagawa ko kung ano ang dapat, hindi ka sumasang-ayon. Saan pa ba ako lulugar?”

“Knowing you, alam kong mahihirapan ka kung sakaling ituloy mo iyan, eh. Ramdam ko rin na nabibigla ka lang sa desisyon mo.” She held her hands. “Okay. I wanna be honest with you, kahit paano nakaramdam ako ng saya sa naging desisyon mo. Para nga sa akin, mas okay na ‘yong ma-heartbroken ka kasi puwede pang maghilom ang sugat. Pero dahil kilala kita, I know you can’t bear the pain, not for the *second* time.”

Nang marinig ang mga huling katagang sinabi nito, tila ba may kumurot sa isang bahagi ng kanyang puso. She ignored it, as if she never felt something. Ayaw na niyang balikan pa iyon. She was over it.

“I am already decided, *bhezzie*. Ikaw na rin rin ang may sabi, naghihilom ang sugat. Nagagamot. If I fail this, then I’ll accept the fact that we weren’t for each other.”

“I’m not yet convince pero sige kung iyan sa tingin mo ang dapat, I’ll support you.”

“Thanks Kate!” aniya’t yumakap sa kaibigan.

PINILIT ni Melissa na maging normal ang mga sumunod na araw niya. Itinuon niya ang atensiyon sa trabaho para kahit paano ay hindi magkaroon ng pagkakataon si Jake na sumingit sa isip niya. Pero hindi niya naiiwasang hindi ito alalahanin. At sa tuwi-tuwinang mapaparaan ito sa isip niya, lagi niyang kinakapa ang nararamdaman para rito. She loves him. Hindi lang naman kasi basta-basta si Jake. Kaibigan niya rin ito. Naging katuwang na rin niya ito sa pag-aalaga kay Marianne.

Ikatlong araw na iyon magmula nang magkasundo sila nitong huwag munang mag-usap at magkita. Hindi niya alam kung matutuwa siya o maiiyak dahil hindi talaga ito nagparamdam sa kanya. Gusto niyang matuwa dahil binibigyan siya nito ng oras para makapag-isip talaga ng maayos. And at the same time, nalulungkot siya dahil iyon ang kauna-unahang beses na hindi ito sumunod-sunod sa kanya. Dati-rati kasing nagkakaaway sila, lagi kaagad itong humihingi ng tawad. Halos magmanikluhod ito sa kanya mapatawad niya lang pero ngayon ni anino nito ay wala. Napag-isip-isip na rin kaya nitong tapusin na ang relasyon nila? Marahas na iniling-iling niya ang ulo. No.

Oh, akala ko ba ready ka na sa consequence?

Bago pa man niya masagot ang tanong na iyon ay tumunog na ang bell, hudyat na limang minuto na lamang at mag-uuwian na naman. Napatingin siya sa mga Grade six students na hinalang niya. Nagpagawa lamang siya ng *essay* sa mga ito dahil wala siya sa mood na magturo nang araw na iyon. Pati ang pagtuturo niya ay apektado sa nangyayari sa kanila ni Jake. But that was for temporary, hindi dapat na dinadala sa trabaho ang problema. She should be professional.

Nang makapagpasa na ang lahat ng mga estudyante niya ay nagpa-dismiss na siya. Nasalubong niya si Kate nang lumabas siya ng room na pinasukan.

“Mhel, mauna ka nang umuwi sa akin, ha? Ite-train ko pa muna itong si Sandy sa Math,” tukoy nito sa batang katabi. May kompetisyon kasi sa susunod na buwan kaya naghahanda ang paaralan. “Eh, ikaw ba wala kayong review ngayon ni Lalaine?” tukoy nito sa tine-train niya para sa Spelling bee.

“Pahinga muna kami.”

Tumingin ito sa kanya nang makahulugan. “Okay. So, we’ll go ahead. Mag-iingat ka, ah?”

Mabining tango lamang ang itinugon niya at pagkuwa’y tumuloy na sa Faculty Area. Nang matiyak na wala na siyang gamit na naiwan, lumabas na siya ng kuwarto. Kalalabas pa lamang niya ng pintuan nang may batang tumawag sa kanya.

“Ma’am Mhel, may nagpapabigay po sa inyo,” ani mag-aaral, sabay abot sa kanya ng pumpom ng pink tulips.

“Kanino galing?” nagtataka niyang tanong.

“Doon po,” turo ng bata. Lumipad ang tingin niya sa direksyon na sinabi nito. Napatda siya sa nakita. Naroon at prenteng nakasandal sa kotse nito si Jake. Kinawayan pa siya nito na para bang walang nangyari sa kanila.

“Salamat ah,” aniya sa bata at kapagkuwan ay nilapitan na ang *noby*.

“I’m sorry,” bungad agad nito pagkalapit niya.

Kumunot ang noo niya. Pero hindi siya hinayaan nitong makapagsalita.

“Tara, ihahatid na kita. Pagbigyan mo na ko. Let’s talk afterwards.” sabi nito. He opened the car door for her.

At that very moment, gusto niya itong kutusan. Ni hindi man lang talaga nito hinintay ang sagot niya. Kunsabagay kung tanungin man siya nito, wala na rin siyang pagpipilian pa kundi ang sumama na rito dahil ayaw naman niyang makalikha ng eksena sa eskuwelahan.

May sariling kotse si Jake. Masasabing may kaya ito sa buhay ngunit hindi ito ganoong kayaman. Napatingin siya sa binata. Samu’t saring emosyon ang mababanaag sa mga mata nito. Ngayong nagparamdam ito bago sumapit ang pinag-usapan nila, hudyat na ba iyon na tapat at totoo na ang pag-ibig nito sa kanya?

“Miss Melissa Diaz, baka naman matunaw ako sa titig mo niyan,” ani Jake na nagpabalik sa kanya sa huwisyo. Nakangisi ito.

Mabilis ang naging reaksyon niya. Inirapan niya ito at walang kaabog-abog na pumasok na sa loob ng sasakyan. Malakas ang pagkabog ng kanyang dibdib. Nakakabingi. Nakakataranta. Lalong sumasal ang pagpintig ng kanyang puso nang makapasok na rin ang lalaki. Nagtama ang kanilang mga mata. Saglit. Agad din niyang iniwas ang tingin dahil hindi niya nakayanan ang intensidad ng titig nito sa kanya.

At nang tumakbo na ang sasakyan, mahabang katahimikan ang namagitan sa pagitan nilang dalawa. Saka lamang niya nakuhang magsalita nang mapansin niyang hindi iyon ang direksiyong papunta sa bahay nina Kate.

“Saan mo ako dadalhin?”

“Are you afraid?” anito, saglit siyang binalingan ng tingin at pagkatapos ay muling itinuon ang mga mata sa daan. “Don’t worry. Sandali lang ito. May gusto lang akong ipaalala sa iyo.”

Nahiwagahan siya sa sinabi nito. Napaisip siya. Ano ba ang pinaplano nito?

Mayamaya pa ay inihimpil nito ang sasakyan sa isang tabi. Napatingin siya sa bintana ng kotse. Bahagyang napaawang ang labi niya pagkakita sa lugar na kinatitirikan nila. That place... Doon unang nagkrus ang mga landas nila ni Jake. Ang bangkong iyon, ang pagkakasakit ng kapatid niyang si Marianne ang naging tulay para magkakilala sila ng lalaki.

“I never believe in love at first sight, but when I first saw you, I found love.” panimula ni Jake. “Inamin ko naman sa iyo na I’m a womanizer before. Pero nagbago ang takbo ng buhay ko nang makilala kita. Sinubukan kong baguhin ang sarili ko para sa ‘yo. Dahil mahal kita, Mhel...”

His eyes held sincerity. Pinipiga ang puso niya sa mga naririnig rito.

“I know I have done so many mistakes. May mga pagkakataong nagiging mahina ulit ako at natatangay ng *tukso*. I’m sorry, Mhel. I never intend to hurt you. Nagagawa ko man iyon pero ikaw at ikaw pa rin ang laman ng puso ko.”

“Jake...”

Inilapat nito ang daliri sa kanyang mga labi. “Ssh... You don’t have to say anything. At saka hindi pa ako tapos. May ipapakita pa ako sa ‘yo.”

Natigilan siya. At bago na naman siya makapag-react, in-start na nito ang engine. Napasandal siya sa kinauupuan at napatingin na lamang sa tanawin sa labas. Kung tutuusin lang,

hinahaplos ang puso niya sa mga sinabi nito. Napapikit siya at muling dinama ang mga katagang binitiwang nito.

Inamin ko naman sa iyo na I'm a womanizer before. Pero nagbago ang takbo ng buhay ko nang makilala kita. Sinubukan kong baguhin ang sarili ko para sa 'yo. Dahil mahal kita, Mhel...

Ang sarap pakinggan... It was as if she was floating in the air the moment he said those words. Lihim siyang kinilig. Dama niya ang pamumula ng mukha niya.

"We're here," mayamaya'y deklarang binata.

Idinako niya na ang mga mata sa paligid. Paano nga ba niyang makakalimutan ang lugar na iyon kung saan niya ito sinagot ng matamis niyang 'oo'? Nang umibis ng kotse si Jake, nagsimulang mawala sa tiyempo ang ritmo ng puso niya. Pinagbuksan siya nito ng pinto. Tila natutuod naman siyang bumaba ng sasakyan. Pilit niyang binasa ang binabalak nito ngunit wala siyang mabasang ekspresyon sa mga mata nito.

Iginiya siya nito paupo sa stone bench. "Ako na yata ang pinakamasayang lalaki sa balat ng lupa no'ng sagutin mo ko, Mhel." He looked intently in her eyes. "Yes, you've turned me down for so many times pero hindi iyon naging dahilan para itigil ko ang panunuyo ko sa 'yo. Iyon pa lalo ang naging rason para ituloy ko ang panliligaw ko sa iyo."

"Dahil ba nasaling ko ang *ego* mo?"

"Of course not!" maagap nitong sagot. "Oo, nasasaktan ako sa tuwing tinataboy mo ako pero hindi lang ang *ego* ko ang nasasaktan, pati ito, Mhel..." sabay turo nito sa tapat ng puso. "Totoong mahal kita, Mhel. Mula noon...hanggang ngayon. You are a very special woman.

Kaiba ka sa lahat ng babaeng nakilala ko. Iyon ang nagtulak sa akin para hindi sumuko sa ‘yo. Alam mo bang ikaw ang kaisa-isang babaeng sineryoso ko sa buong buhay ko?”

She was deeply touched. Ramdam niya ang pag-init ng sulok ng mga mata.

“I love you so much, Mhel. Sana bigyan mo pa ko ng pagkakataong makabawi pa sa mga pagkukulang ko sa ‘yo. Hayaan mong patunayan ko pa sa iyo kung gaano kita kamahal. Can you please give me this *last* chance? I promise, ito na ang huli. Kung sakaling masaktan kita ulit, ako na ang mismong lalayo sa ‘yo...”

“**LET’S** start anew, *hunnie*.”

Tuluyan nang humulagpos ang luha sa mga mata ni Melissa. Kung panaginip iyon ay ayaw na niyang magising pa. She would gladly say ‘yes’ to him over and over again. Ibubuka na lamang sana niya ang bibig para sabihin dito ang nasa isip niya nang bigla itong lumuhod sa harapan niya.

“Maybe this would convince you how much I love you.” Pagkuwa’y may kinuha itong pulang kahita sa bulsa ng suot nitong polo.

Her heart was beating wild. So fast. Kasing bilis ng mga nangyayari nang mga oras na iyon. Nang buksan nito ang kahita, bumuglaw sa mga mata niya ang isang brilyanteng singsing. Oh my goodness! Napatulala siya sa singsing. Hindi siya makapaniwala sa nakikita niya. Totoo ba iyon o nagha-hallucinate lamang siya?

“Gustung-gusto ko na ‘tong gawin noon pa kaya lang alam ko namang hindi pa iyon ang tamang panahon. We’ve gone through tough times. Pero, ganoon naman dapat, ‘di ba? Hindi

naman laging smooth sailing ang isang relasyon, pero hindi ko sinasabing tama ang ginawa ko dahil maling-mali ang saktan ang isang tulad mo. And I am so sorry for all the pain that I've caused you. Mahal na mahal na mahal kita, Mhel. And I'd want to spend the rest of my life with you..."

Huminga ito nang malalim. "Will you please marry me?"

Tears kept on falling. It wasn't a dream. Totoong buhay iyon.

"Please say yes," sabi pa nito.

Napatangu-tango siya. "Yes. Yes Jake! I will marry you!"

Bakas na bakas ang kasiyahan sa hitsura nito. Agad na isinuot nito ang singsing sa kanyang daliri, kasabay ng pagyakap sa kanya. Sunud-sunod ang pagpatak ng luha niya. "I love you, Jake. So much."

Kumalas ito ng yakap sa kanya. He gently wiped her tears. Nangungusap ang mga mata nila. Kapagkuwan ay unti-unting bumaba ang mukha nito sa kanya. And in an instant, their lips met. He kissed her passionately. Pilit na pinupunan ang mga panahong hindi sila nagkaunawaan, mga panahong muntikan na nilang isuko ang isa't isa. They were both gasping for air when their lips parted.

"We'll make it up this time, *hunnie*. We'll start again and build new memories together. I love you." ani Jake na haplos ang kanyang mga pisngi. "I love you, Mhel." ulit nito.

"And I love you so."

Muli ay ipinadama nila ang pagmamahal sa isa't isa.

CHAPTER 3

NANG sumapit ang Sabado ay pinasyal sila ni Jake. Sinisimulan na rin nila ang pagpapalano ng kasal nilang dalawa. Naipaalam na rin niya ang balitang iyon sa kaibigang si Kate. Masayang-masaya ito sa inihatid niyang *good news*. At masaya naman siya dahil nagkaayos na rin sa wakas ang kaibigan at ang nobyo. Wala na siyang mahihiling pa. Wala nang mapagsidlan ang sayang nararamdaman niya.

“What are you thinking?” pukaw ni Earl sa naglalayag niyang isip.

Napatingin siya rito’t napangiti.

“Hindi naman siguro ibang lalaki ang iniisip mo, ‘di ba?”

Lumapad ang ngiti niya dahil sa hitsura nito. Para itong isang batang inagawan ng candy. She teasingly pinched the tip of his nose. Hindi niya sinagot ang tanong nito. Imbes ay itinuloy niya ang paghahanda ng pagkain.

“Who are you thinking, *hunnie*?” pangungulit nito.

“Nothing,” matipid at nangingiti pa rin niyang sagot. “Tawagin mo na si Marianne. Baka basang-basa na ng pawis ‘yon.”

“Kung *ako* ang iniisip mo, ibig sabihin *nothing* lang ako?” anito sa naghihinampong tinig.

Hinarap niya ito. “Dinaig mo pa si Yan-Yan kapag nagta-tantrums. Huwag ka ngang ganyan. Ikakasal na tayo.”

“Eh, sabihin mo na lang kasi kung sino.”

“Okay fine. Nang matahimik ka na diyan. Oo na, ikaw ang nasa isip ko. But you are *not* just nothing. Magiging asawa na kita kaya tanggalin mo na ‘yang insecurities mo. Ikaw ang pinili ko. Ikaw ang pakakasalan ko. Hindi ko na kailangan ng iba pang lalaki sa buhay, dahil sa ‘yo pa lang sobra-sobra na. I love you...”

“Dinadaan mo naman ako sa paglalambing, eh.”

“Eh, ‘di huwag kang maniwala,” napalabing sabi niya. At akmang babalik na siya sa inaayos nang pigilan nito ang braso niya at saka siya kalungin nito.

“I love you more.”

Lihim siyang kinilig. Fire rose in her cheeks.

“I love you more and more when you blushed,” nanunuksong sabi ito.

“Tse!” aniya at tumindig na. “Pagpahingahin mo na si Yan-Yan sa paglalaro. Alam mo namang bawal sa kanya ang napapagod,” makahulugang sabi niya.

Nakakaunawang tumango ito. “Opo, my highness.”

Napapailing na inilabas niya mula sa basket ang mga dalang pagkain. Ilang sandali pa ay dumarating na si Jake. Buhat-buhat nito ang kapatid niya. Agad niyang tsinek ang likuran ni Marianne.

“‘Ayan na nga ba ang sinasabi ko, eh. Tingnan mo ‘tong bimpo, mapipiga na, oh? Aniya sa kapatid. Napatingin siya sa mga dalahin nila ngunit wala roon ang bag na hinahanap niya.

“Naiwan ko pala sa kotse ‘yong bag. Teka, kukunin ko lang.”

“*Hunnie*, ako na.”

“Hindi na, ako na lang. Paki-ayos na lang ‘yong pagkain.”

Nang tumango ito ay umalis na siya. Nang makuha na niya ang bag ay agad na niyang binalikan ang mga ito. Ngunit nakakailang hakbang pa lamang siya nang may kotseng humimpil sa harapan niya. Napatingin siya roon. At nang bumaba ang bintana ng kotse, bumuglaw ang mukha ng isang guwapong lalaki. No, pakiramdam niya kulang pa ang salitang *guwapo* para ilarawan niya ito. Hindi niya maintindihan ang biglaang pag-atikabo ng kanyang puso. At namagnetito na ang mga mata niya sa mga mata nito.

“Excuse me, Miss?” untag nito.

Parang binuhusan siya ng malamig na tubig. Pinamumulahan siya. “Ah, eh, what do you need?” Bakit ba siya nagkakaganoon?

“I just wanna ask kung alam mo kung saan ‘yong Honey’s Paradise Resort? Kanina pa kasi ako paikot-ikot dito kaya lang hindi ko makita ‘yong hinahanap ko. I really need help. Baka matulungan mo ko.”

Napaisip siya. *Honey’s Paradise Resort?* Sa pagkakaalam niya, bagong tayo lamang ang resort na iyon sa lugar nila. Napatingin siya sa lalaki. “Mister, paki-diretso na lang ang daan na iyan.” sabi niya na itinuro ang daan. “Pagkatapos, lumiko ka sa kanan. Mayroon ulit likuan doon pero direktso ka lang, sa may pangalawa, doon ka kumaliwa at makikita mo na ang hinahanap mo.”

Tila isinaisip pa nito ang mga sinabi niya. Hindi niya maintindihan kung bakit hindi niya magawang ialis ang tingin dito. Para siyang namamatanda. Pakiramdam niya pamilyar ito sa kanya pero noon lamang naman niya iyon nakita. It’s really a weird feeling. Napapitlag siya nang

bigla ay hawakan ng lalaki ang kamay niya. Binawi din niya agad ang kamay dahil tila may gumapang na kuryente sa parte nang hinawakan nito.

“I’m sorry. I am just so happy. Thank you so much.”

“Y-You’re welcome,” nauutal niyang sabi.

“I’ll go ahead. Salamat ulit!”

Nakaalis na ito ngunit nakatulos pa rin ang mga paa nito sa kinatatayuan. Kung hindi pa siya tinawag ni Jake ay hindi pa siya matitinag.

“**MAY** wedding date na ba?”

Narinig ni Melissa na may sinabi si Kate ngunit tila lumabas lamang iyon sa tainga niya. Ilang gabi na siyang binabagabag ng lalaking nakasalamuha niya kamakailan lang. Laman ito ng panaginip niya. Naguguluhan na siya. Hindi dapat niya iyon maramdaman. Hindi dapat siya nag-iisip ng ibang lalaki.

“Hoy! Ayos ka lang ba? Bakit parang namumutla ka?” kalampag ni Kate sa kanya.

“H-Ha? Wala kasi akong tulog dahil sa pagtatapos ng pag-check sa mga testpapers at pagko-compute ng grades ng mga bata,” pagdadahilan niya.

“Iyon lang ba talaga ang dahilan?”

Napakagat-labi siya. Iniisip niya kung sasabihin ba niya ang bagay na iyon sa kaibigan. Pero kasi baka kung ano pa ang isipin nito sa kanya. Pero nahihirapan na rin siyang sarilinin iyon.

“Puwedeng mag-share,” sabi nito na nakakatunog na sa mga ikinikilos niya. “Huwag mong sabihing nagkakaproblema na naman kayo ni Jake? Hay naku, kung ganyan lang din, tigilan n’yo na ang pagpaplano ng kasal.”

“It’s not about her, Kate. It’s about me.”

“Oh, nagbago ang isip mo? Ay ang laking gulo niyan!”

“Kate naman, eh. Hindi ko na nga alam ang gagawin ko. Hindi ko alam kung bakit ko ‘to nararamdaman. Ayoko ng ganito. Ayoko itong nararamdaman ko. Mali.”

Napakunot ang noo nito. “What are you saying? Spill it out,” anito ngunit mababakas ang pag-aalala sa mga mata.

“There’s this guy I met few days ago. Nagtanong lang siya sa akin ng direction. And after that encounter, lagi ko na siyang naiisip. There’s something in him that I feel familiar with, pero hindi ko naman maisip kung ano iyon. Hindi ko rin maalala kung saan ko siya nakita.”

Nanunudyong tiningnan siya nito. “Guwapo ‘no? Kaya siguro familiar sa iyo. O kaya naman nakita mo na sa magazine, sa billboards. Mamaya *big fish* na pala iyang nakita mo! Naks, you’re so lucky,” biro pa nito.

“Kate! I’m not joking here. I wanna get rid off him. Hindi ko dapat siya iniisip. Nagi-guilt ako, eh. Ikakasal na ko.”

“Ay susme! Ano bang masama doon? Normal lang naman na magkaganyan ka kung artistahin talaga ang nakita mo. Hindi naman masamang tumingin sa iba, pero hanggang sulyap lang. Bawal ang titigan.”

“Normal pa rin ba ‘yong lagi ko siyang napapanaginipan?”

“Ayy naku, wedding jitters lang ‘yan!” positibo pa ring saad nito. “Ikalma mo kasi ang sarili mo. Nai-stress ka lang dahil sabay-sabay ang inaalala mo, eh. Ganito, tanggalin mo ang kung sinumang lalaking iyon sa sistema mo. Ikakasal ka na, kaya ibalato mo na lang siya sa akin!” anito at matunog na tumawa.

Napailing-iling siya. “Kahit kailan ka talaga, Kate!”

“Anyway, mabalik tayo sa tanong ko kanina. When is the wedding of the decade?”

“This coming *September 21*,” sabi niya. Nakaramdam na siya ng saya. Dalawang linggo na lamang ang bibilangin at magiging Mrs. Lopez na siya!

“September 21?” gagad nito.

“Yup,” tugon niya na may halong pagtataka. Iba kasi ang ekspresyon ng mukha ng kaibigan. “Oh wait, don’t tell me na may *date* ka ng day na ‘yon. Oh please cancel it, *bhest*. Hindi ka puwedeng mawala sa wedding ko.”

“Nagdadrama ka na naman diyan. Puwede ba namang mawala ako sa day na pinakahihintay mo? Aba, once in a lifetime lang ‘yon kaya dapat lang na nandoon ako.”

“Dapat lang talaga dahil ikaw ang maid of honor. Eh, bakit kasi gano’n ang hitsura mo no’ng sinabi ko ‘yong date?”

“Have you forgotten it already?”

“H-Ha?” kunot-noong tanong niya.

“Same date as the masquerade ball, my dear. Nakalimutan mo na talaga?”

Natigilan siya. Halos apat na taon na rin ang nakakaraan magbuhat nang gabing iyon. Isang gabi na hindi na niya gustong alalahanin at balikan pa. Sa totoo lang, nitong mga nakaraang araw, ito ang naaalala niya. Ito ang naiisip niya sa tuwing naaalala niya ang lalaking nakaengkuwentro niya ilang araw na ang nakakaraan. Iyon ang dahilan kung bakit ganoon siya nababahala. *Ewan* ba niya. Baka siguro magkahawig lang ng gesture ang mga ito. She’s over him. Kailangan niyang mag-focus sa nalalapit na pag-iisang dibdib nila ni Jake.

“Mhel, are you okay?”

“Ah, I-I’m o-okay.”

“Nabanggit ko lang ‘yon, napipilan ka na diyan. Sino’ng iniisip mo? Iyon bang lalaking nakita kong kausap mo no’ng masquerade ball?”

“No!” mabilis niyang sagot.

Dahil sa reaksiyon niya ay lalo itong naghinala. “Hindi pala, huh? Umamin ka nga, na-starstruck ka sa kanya, ‘no? May nararamdaman ka ba sa kanya?”

She was taken aback. Hindi niya inasahan na itatanong nito iyon. Obviously by her question, lingid sa kaalaman nito ang damdaming iniukol niya sa mysteryosong lalaki. Hindi niya ipinaalam dito ang tungkol doon dahil baka hindi ito maniwala na sa isang saglit lamang ay minahal na niya ang lalaki. At naging mahirap iyon sa kanya dahil wala siyang masabihan ng

sakit na naramdaman niya. Mag-isa niyang kinaya ang sakit. Doon niya unang nalaman na nakakatakot pala ang magmahal. When you love, you're exposing yourself to be *hurt*.

Napakislot siya nang pumitik si Kate sa harapan niya.

“You had a crush on him, are you? So, tama pala ang kutob ko. Ano ba talaga ang nangyari that night? Paano ba kayo nag-meet? You haven't shared me anything. Now that you're getting married, confession time na.”

“Ano pa ang sense nang pagko-confess ko kung matagal ng nangyari iyon? It's all over. Hindi na dapat pang balikan ang nakaraan na. Past is past,” aniya na gumuhit ang pait sa dibdib.

“Ang bitter ni ate, ah! Sa inaasta mo pa lang, mukhang hindi ko na kinakailangan na usisain ka pa. Action speaks louder than words.”

Maagap siyang dumepensa. “Kung anuman ang iniisip mo, mali 'yon. Apat na taon na rin magbuhat ng gabing iyon at blur na sa alaala ko ang mga nangyari. Iyon lang ang dahilan kaya ayoko nang pag-usapan pa natin 'yon.”

“Blur?” ulit ito. “Pero alam mong four years ago na? Naks!”

Itinirik niya ang mga mata. “Kate!”

“Hay naku, napaghahalata na kasi, ayaw pang umamin. Eh, wala namang mawawala sa kanya. Unless, may ginawa kayong—”

“Wala! Ang dumi ng isip mo. Bahala ka na nga diyan,” aniya at tumindig.

Hinabol siya nito. “Kahit kailan talaga pikon ka. Okay fine. Kung ayaw mong pag-usapan, eh 'di huwag. Pag-usapan na lang natin ang detalye ng kasal mo.” anito.

“Diyan ako agree!” sabi niya.

“**KUYA**, please stay until weekend. Minsan lang ako humingi ng favor ‘tapos hindi mo pa pagbibigyan.”

Napatingin si Kyle sa bunsong kapatid, sabay napakamot sa batok. Kilala niya si Thalia. Ipagpipilitan talaga nito ang gusto. Naroon sila sa Honey’s Paradise Resort. Pagmamay-ari iyon ng pinsan ng asawa ng kapatid. First anniversary nito at ni Robert at doon napagpasyahang i-celebrate ng mga ito ang okasyon.

“Kuya, it’s your time to rest. Tama na muna ang trabaho.”

Binalingan niya ito. “If I know naman, you wanna play *cupid*.” Nakikinita niya na ang gusto ng kapatid. Gusto siya nitong mag-stay siya roon pagkatapos ay ipapakilala siya nito sa kung sinong babae. Ganoon ito tuwing magpupunta sila sa kung anong okasyon.

“Kung may girlfriend ka ba naman, eh ‘di hindi ko na sana ginagawa ito. You’re already thirty kuya! Look at me, mas nauna pa akong mag-settle down sa inyo ni ate. What’s wrong to the both you? Ang saya kayang may partner in life,” katwiran nito.

“Kapag single hindi na masaya ang life, gano’n?” arangkada niya.

“It’s not what I mean. Ang pinupunto ko lang naman, eh, it’s time to find your happiness. Aba, mahirap din ang mag-isa sa buhay. At saka, ayoko naman na umikot lang ang buhay mo sa trabaho. Kuya, huwag mong ikulong ang sarili mo sa kahon. Go and enjoy life.”

“I’m enjoying my life,” kaswal niyang sagot.

“Enjoy bang matatawag ‘yong nakasubsob sa sangkatutak na papers and documents? Manong subukan mo man lang makipag-date, kuya.”

“I am doing that, little sis.”

“Talaga lang, ah? Sige, sabihin na nating nakikipag-date ka. Pero after that, hindi mo na yayayain uli ‘yong girl.”

“At bakit ko naman ‘yon gagawin kung hindi ko naman gusto ang ugali niya?”

“Kuya, daig mo pa ang babae! Napakapihikan mo. Sa dinami-rami ng mga naka-date mo, wala kang nagustuhan ni isa sa kanila? Oh, that’s unbelievable!”

“Unbelievable yet that’s the truth. Just accept the fact that I don’t want to commit in a relationship. Masaya na ako sa ganito na walang inaalalang babaeng puwedeng magalit sa akin. At hindi ko na kayang isingit sa schedule ko ang babae.”

“According to my records, you never had a serious relationship. Iyon ay dahil wala ka pa ni isang babaeng niligawan. Torpe ka ba, kuya?”

“Of course not,” salag niya sa sinabi nito.

“So, takot ka magmahal?”

Napatitig siya sa kapatid.

“Huwag mong susubukang umiwas, kuya. Let’s be serious. I just want to know the truth ‘cause I care for you, kuya. You’re always there for me, so I think it’s time for me to help you. What’s bothering you to get into a relationship? Are you afraid to get hurt?”

“I just don’t see myself with a woman—”

“Bakla ka, kuya?” anito na hindi pinatapos ang sinabi niya. Namimilog ang mga mata.

“Of course not!” mariing saad niya. “Hindi ko lang talaga ma-imagine ang sarili ko na magmahal. At kung ang girlfriend ko pa ay ‘yong katulad mo, naku lang! Ang sakit no’n sa ulo.”

Sukat sa sinabi niya ay kinutusan siya nito sa ulo. “Ang bad mo kuya! Ikaw na nga itong tinutulungan, eh. Humanda ka sa akin. Pagbalik na pagbalik natin sa Maynila, ipagse-set kita ng blind date. Matanda ka na, mag-asawa ka na!”

“Aba, daig mo pa sina Mommy’t Daddy, ah? Chris Thalia lubayan mo ako. Wala akong free time para sa blind date na ‘yan. So please...”

“Matanong ko lang, have you ever been in love, kuya? Oh please don’t lie. Sa thirty years of existence mo sa mundo, imposible naman ‘atang hindi man lang kumabog ‘yang dibdib mo.”

“If I am, sa akin na lang iyon.” matipid niyang sagot.

“Oh my, may hinihintay ka ba kuya kaya hanggang ngayon ay wala ka pang nagiging girlfriend?”

May hinihintay nga ba siya? Pero ano naman ang silbi ng paghihintay kung imposible naman na itong dumating muli? May tsansa pa bang magtagpo ang landas nila ng babaeng minsan niyang nakilala? Saan nga ba niya ito maaaring makikita? Saang lupalop ng mundo ito nagtatago?

“Uyy, natahimik siya, oh! So, you’re waiting for someone. Why keep waiting if you can find her by your own means?”

Paano nga ba niya ito hahanapin kung hindi naman niya alam kung saan magsisimula? Ni hindi man lang niya nakuha ang pangalan nito. Kahit contact number ay wala siya. Kung bakit ba naman sa dinami-rami ng babae ay dito pa tumibok ng ganoon ang puso niya? Kay komplikado.

Hay, totoo pa lang ang *love at first sight*. . .

CHAPTER 4

“*Bhest*, you’re so beautiful on your wedding dress,” maluha-luhang sabi ni Kate.

“Best friend naman, eh. huwag ka ngang umiyak diyan. Masisira ang make-up ko, sige ka,” ani Melissa sa kaibigan. Sa totoo lang, kahit siya maiiyak na talaga. Hindi siya makapaniwala na ikakasal na siya. She couldn’t contain her happiness.

“Pasensiya ka na sa akin *bhezzie*. Hindi ko lang mapigilang maging emosyonal. Masayang-masaya ako para sa iyo. Alam mo namang wala akong ginusto kundi ang matagpuan mo ang sarili mong kaligayahan. Best wishes, Mhel.” madamdaming sabi nito.

“Sana ikaw rin. Kaya dapat ikaw ang makasalo ng bouquet, ha?”

“Hahawiin ko silang lahat para ako ang makasalo!” anito at saka tumawa. “Girl, wala nang atrasan ito. Kasal na ito. At once na paiyakin ka ni Jake, naku babawiin kita sa kanya. Wala akong pakialam kung magmukha pa akong kontrabida.”

“Ikaw talaga, humahabol ka pa. Nakita mo naman nang nagbago na siya, ‘di ba?”

Ngumiti ito. “Oo. kaya lang naniniguro pa rin ako. Wala akong kapatid at ikaw na ang itinuturing kong kapatid ko, kaya masakit din sa akin kapag nasasaktan ka. Anyway, huwag muna natin pag-usapan ‘yan. It’s your day! You should be happy.”

A smile curved her lips. This is probably the happiest day of her life.

“So, shall we go?”

Mabining itinango niya ang ulo. Nang makasakay sila sa bridal car ay may kung anong kaba ang gumuhit sa dibdib niya. Kinakabahan siya. Normal lamang siguro iyon dahil ikakasal

na siya sa lalaking mahal niya. Nang umandar ang sasakyan ay taimtim siyang nanalangin. At nang makarating ng simbahan ay napatingin siya sa mga magiging saksi ng kasalang iyon. Mababakas ang kasiyahan sa mga mukha ng mga naroon nang makita siya. Nagsi-ayos na ang lahat. Bumaba na rin siya ng kotse para sa pasimula ng seremonya.

Nang marinig niya ang wedding march ay tila ba gusto niyang maiyak. This is it! And when it was about her turn, lahat ng mga taong pumupuno ng simbahan ay nakatuon ang mga mata sa kanya. She was wishing that her parents were still there to march with her, pero alam naman niyang nandoroon at nasasaksihan pa rin ng mga ito ang kasal niya. Alam niyang masaya ang mga ito para sa kanya.

Napatingin siya sa dulo at nakita ang kanyang groom. Oh my gosh, hindi iyon isang panaginip. Ikakasal na talaga siya! Hindi na niya napigilan ang pagsungaw ng luha sa mga mata niya. The feeling was overwhelming; she can't help but cry and be happy at the same time. Nakangiti rin si Jake sa kanya at kapansin-pansin ang panginingang ng mga mata nito. Everything went so magical. Ngunit naputol ang pagsasaya ng puso niya nang may babaeng pumagitna sa aisle. *A pregnant woman.*

“Hindi n’yo puwedeng ituloy ang kasal,” walang kagatul-gatol na sabi nito.

Napakunot ang kanyang noo. “Who are you? Oh please don’t ruin my wedding.”

“I’m really sorry but I can’t just sit here and watch the *father* of my child marrying another woman. Karapatan mo rin itong malaman. Hindi kayo puwedeng magpakasal!” anito sa matigas na tinig.

Itinaas niya ang belo. At pagkuwa'y nagtatanong ang mga matang napatingin kay Jake. Nakita niya ang pagkataranta nito. Namumutla na rin ito. Napalunok siya. No, it can't be true. This couldn't be happening. Not on her wedding!

“I don't believe you!” she hissed. “You just want to ruin my wedding. You're a liar.”

Nagsimula ang pagbubulungan sa paligid.

“Why don't you ask Jake about it?”

Marahas na napatingin siya sa *mapapangasawa*. “Is it true?” halos hindi lumabas iyon sa bibig niya.

“Mhel...I don't love her. You're the one I love. Please believe me.”

“Hindi iyan ang tanong ko. Ikaw ba ang ama ng bata?” Nagawa niyang sabihin sa kabila ng panghihina ng tuhod niya. Hindi iyon puwedeng mangyari. *Please say no, Jake. Please.* Ngunit nagyuko ng ulo ang lalaki. Sapat ng sagot iyon. Tinawid niya ang nakapagitan na distansya sa pagitan nila at saka ito ginawaran ng malakas na sampal.

Napahikbi siya. “How dare you do this to me, Jake?! Akala ko ba okay na tayo, ha? Kaya mo ba ko niyayang magpakasal dahil hindi mo kayang harapin ang responsibilidad mo?”

Lumuhod ito sa harapan niya. “Patawarin mo ako, Mhel. I was drunk no'ng may mangyari sa amin ni Janette. Hindi ko naman tatakasan ang responsibilidad ko, eh. I just can't be with her. Hindi siya ang mahal ko. Maniwala ka naman sa akin. I proposed to you dahil iyon talaga ang gusto kong mangyari. Mahal na mahal kita, Mhel...”

“Anong klase ang pagmamahal mo sa akin, Jake? Kung talagang mahal mo ko, sana sinabi mo sa akin ang tungkol dito. Ano ba ang naging kasalanan ko sa ‘yo para ganituhin mo ako, Jake? Makasarili ka...” Napasigok siya. Dinaluhan na siya ni Kate.

“I am really sorry.”

“I can’t marry you, Jake! Wala nang kasalang magaganap!” Pumiksi siya sa pagkakahawak sa kanya ni Kate. Itinapon niya ang bouquet sa pagmumukha ni Jake.

Hinawakan niya ang laylayan ng trahe de boda at saka mabilis na tumakbo. Narinig niya ang pagtawag ni Kate ngunit hindi niya iyon pinansin. Patuloy siya sa pagtakbo habang namamalisbis ang mga luha sa pisngi. She couldn’t believe this is happening! Napakasakit. Daig pa ng dindikdik na bawang ang puso niya. Napakakirot. Hindi na siya makahinga.

Bakit kailangang mangyari ang lahat ng iyon? Hindi ba talaga siya puwedeng maging maligaya?

Mayamaya’y may kotseng papalapit sa direksiyon niya. Napahinto siya at napapikit. Ngunit bago pa siya nito mabundol ay maagap na nakapagmenor ang driver. Doon na siya nawalan ng lakas. Napasalampak na siya ng semento. Napahagulhol siya. Nararamdaman niya ang pagkacapira-piraso ng puso niya.

A second later, narinig naman niya ang pagbaba ng kung sino sa kotse.

“Miss, are you okay? Do you want to bring you to the hospital?” ani baritonong tinig.

“D-Don’t worry.I-I’m—” Nag-angat siya ng tingin para mapatda lamang nang mapagsino ang nasa harapan niya.

“You...” sabi nito nang mamukhaan siya. Pagdaka’y lumipat ang tingin nito sa suot niyang gown. “Halika, ihahatid na kita sa simbahan.”

“Ayoko do’n. Ayoko dito. Please ilayo mo ko rito...” Bago pa man niya mapigilan ay bumagsak na ang luha sa mga mata niya.

Halatang nagulat ito sa sinabi niya ngunit nang makabawi ay binura nito ang luhang naglandas sa kanyang pisngi. “Stop crying.”

Imbes na tumigil ay lalo pa siyang napaiyak. Saglit siyang natigilan nang dalhin siya nito sa dibdib nito. It felt good. Kaya naman lalo siyang nagsumiksik dito. She sobbed.

PATINGIN-TINGIN si Kyle sa rearview mirror para sipatin ang dalaga. Nakatalungko ito at yumuyugyog ang mga balikat. She’s still crying. Hindi niya maipaliwanag ang damdaming umaalipin sa kanya ng mga oras na iyon. It’s tearing him apart. Naaawa siya rito.

Hindi iyon ang kauna-unahang beses na nakakita siya ng lumuluhang babae. Minsan na rin niyang inalo ang kapatid na si Thalia pero kasi iba ang sitwasyon niya ngayon. Ni hindi niya kaanu-ano ang babae. But despite that, he could not help but comfort her. May kung anong kurot siyang naramdaman sa isang bahagi ng kanyang puso. At hindi niya inaasahan na magkikita silang muli ng babaeng tumulong sa kanya. At lalong hindi niya inaasahan na sa ganoong ayos niya iyon madadatnan.

How could someone hurt a woman like her?

Base sa ayos nito, she’s a bride. Pero nang alukin niya itong ihatid sa simbahan ay tumanggi ito. So, is she a *runaway bride*? Sa totoo lang, kahit nasa kalunos-lunos na sitwasyon

ito kanina, he still found her the most beautiful bride that he had ever seen. She's so beautiful that could captivate any man's eyes.

Pero saan nga ba niya ito puwedeng dalhin? Limitado lamang ang kaalaman niya sa lugar. Hindi naman niya maaaring dalhin ito sa resort dahil maraming tao roon, isama pa ang *usyosera* niyang kapatid. Baka kung ano pa ang isipin nito. Sa huli ay napagdesisyunan niyang ihimpil ang sasakyan sa park kung saan sila unang nagkita ng dalaga.

Napatingin niya sa likuran. Hindi na niya napigil ang sarili. Bumaba siya ng sasakyan at tinabihan ito sa passenger's seat. Nang una ay alumpihit siyang hagurin ang likuran nito ngunit nanaig sa kanya ang mapagaan ang loob nito.

Huminga siya ng malalim. "Hindi ko alam kung paano mapapagaan ang nararamdaman mo, pero kung anuman ang nangyari, alam kong may dahilan iyon. Just cry until mapagod ka."

Nag-angat ito ng tingin. Nagsalubong ang mga mata nila. It was so strange. Pakiramdam niya matagal na niya itong kakilala. Pakiramdam niya pamilyar ang mga matang iyon sa kanya.

"Bakit ganoon? Ang gusto ko lang naman ay ang maging masaya. Masyado bang mahirap ibigay ang hinihiling ko? Bakit kung sino pa ang taong magpapaligaya sa akin, siya pa rin ang taong magpapasakit sa akin ng sobra?"

Masaganang umagos ang luha sa mga mata nito. He was hurt. Hindi niya naiwasang pahirin ang luha nito. He gently caressed her cheeks. "Once na isinugal mo ang puso mo sa isang tao, itinaya mo na rin ang sarili mo para masaktan. Love hurts. There are such times na kung sino ang nagpapasaya sa atin, siya rin ang mananakit sa damdamin natin. Why? Dahil sa pagmamahal..."

“Akala ko kami na hanggang sa huli...”

“Hindi sa lahat ng oras ay nangyayari ang *they lived happily ever after.*”

“Siguro nga tama ka. Maybe, we’re not really meant for each other. Ang sakit lang kasi dahil kailangang umabot pa sa ganito. Sana hindi na lang niya ko pinagsinungalingan para hindi na ko umasa pa, eh.”

Gustung-gusto na niyang tanungin dito ang buong detalye ng nangyari pero pinigilan niya ang sarili. Wala siya sa posisyon para usisain ito. Kung may magagawa lamang sana siya para bawasan ang sakit na nararamdaman nito ay gagawin niya.

Bakit ba siya nagkakaganoon? Bakit ba ganoon na lamang ang concern niya sa babae?

“**PASENSIYA** ka na. Kung anu-ano na nasabi ko sa iyo,” sabi ni Melissa.

Noon pa lamang siya tinubuan ng hiya. Nakakahiya ang mga aktuwasyon na ipinakita niya rito. Nakita pa siya nitong umiyak. Nakakahiya talaga siya!

Ngayon ka pa nahiya kung kailang nasabi mo na ang lahat-lahat sa kanya. Tsk! Buong talambuhay na ‘ata ang nakuwento mo,” kastigo ng kanyang konsensiya.

“It’s okay. I am glad to help. Hmm, where do you wanna go next?”

“Ha? Ah, eh, dito na lang ako. Magta-taxi na lang ako pauwi. Pasensiya na talaga kung naistorbo pa kita. At salamat din sa pakikinig mo sa akin.” *Your company makes me feel better.* Gusto niya sanang idugtong iyon kaso nga lamang ay baka kung ano pa ang isipin nito at mamali pa ng interpretation. Pero totoo iyon, kahit paano nabawasan ang bigat na nararamdaman niya.

“Nandito ka na rin lang, ihahatid na kita. I won’t take no as an answer. At saka, I’ve almost hit you kanina. Mabuti na lang talaga at nakapagpreno ako.”

“Pasensiya na dahil do’n. It was my fault. Hmm, kasi nakakahiya kung ihahatid mo pa ako. Kaya huwag na lang. Okay na ako, kaya ko na ang sarili ko.”

“I still insist. Sabi ko naman sa ‘yo, hindi ako tumatanggap ng “hindi”. Just let me. Don’t worry, wala akong masamang balak sa ‘yo.”

Her cheeks turned red. “Wala naman akong iniisip na gano’n. Bakit pa kita pag-iisipan ng ganoon, eh, ikaw na itong tumutulong sa akin, ‘di ba?”

“Iyon naman pala, eh. So I’ll drop you home.”

Hindi na siya nakapagsalita pa nang umibis na ito ng sasakyan at tinungo ang driver’s seat. Hinayaan na lamang niya ito. Hindi niya maintindihan kung bakit bigla na siyang nakaramdam ng uneasiness. Pareho silang natahimik. At nang magsalita siya ay doon din ito nagsalita. Nagkasabay sila at mayamaya’y nagkatawanan.

“Natawa ka rin sa wakas! Sige, ikaw na ang mauna,” pagpapaubaya nito.

“Hmm, I just want to ask kung nahanap mo ba ‘yong place na hinahanap mo.”

“Oh yes. Thanks to you. You’re so good in giving direction.”

“Eh, ano iyong sasabihin mo sa akin?”

“Saan nga ba ang bahay mo?”

Nangiti siya. Oo nga naman, malay nga ba nito kung saan ang bahay niya? Itinuro niya rito ang direksiyon.

“Ahm, hindi lang iyon ang sasabihin ko. Kanina pa tayo nag-uusap pero hindi ko pa alam ang pangalan mo. May I have your name?”

Muli siyang napamaang. “Ah, I’m Melissa. Melissa Diaz. And you?”

“Kyle. Kyle Sandoval. So may I call you *Liz*?”

Napakunot ang kanyang noo. Iyon ang kauna-unahang pagkakataong may tatawag sa kanya ng *Liz*. Nasanay kasi siya na tinatawag siyang *Mhel*.

“Naisip ko lang kasi na *Mhel* ang tawag sa ‘yo ng karamihan so para maiba naman, I will call you *Liz*. Okay lang ba?”

“Oh sure. Whatever you prefer,” nasabi na lamang niya.

Ilang minuto pa ay tumigil na ang sasakyan sa tapat ng bahay niya. Agad niyang napansin si kate. Tarantang-taranta ito habang may kausap sa phone. Samantalang ang kapatid naman niya ay hawak ng ina nito. Nadudurog ang puso niya.

Bumaba si Kyle upang pagbuksan siya ng pinto. At nang makita siya nina Kate ay agad itong lumapit sa kanya.

“God, ipinag-alala mo kami *Mhel*! Ano ka ba?! Saan ka ba pumunta?” mangiyak-ngiyak na sabi ng kaibigan.

“I-I’m sorry.”

“No, ayos lang ‘yon. Naiintindihan ko naman ang naramdaman mo, eh.” anito.

“Ate... Huwag ka nang mag-cry. I already punch Kuya Jake for hurting you. I hate Kuya Jake for making you cry...”

Bigla na naman ang pagragasa ng luha sa mga mata niya. Niyukod niya ang kapatid saka ito niyakap nang mahigpit. “Pasensiya na kung kailangan mo ‘yon makita, ha?”

“Ate, don’t cry...”

Kumalas siya rito at mabilis na pinahid ng luha. “Hindi na. Hindi na ko magka-cry.”

Tumikhim naman si Kate. “Mukhang may ipapakilala ka sa amin.”

Napahumindig siya. She almost forgot Kyle’s presence. “I’m sorry.” Lumapit siya kay Kyle. “I’d like you to meet, Kyle. Siya ‘yong tumulong sa akin kanina.” Bumaling siya sa lalaki. “Kyle, this is Marianne, my sister. You can just call her Yan-Yan, for short. And this is Kate, my beloved best friend and her mother, Nanay Linda.”

Nagkamayan ang mga ito.

“Hmm, Liz, I’d rather go. Mukhang may kailangan pa kayong pag-usapan, eh.”

Sumingit si Kate. “No. Pumasok ka muna. Dito ka na mag-dinner. Tinulungan mo ang kaibigan ko, this is the least that we can do.”

“Oo nga naman, hijo,” segunda naman ni Nanay Linda.

Napatingin sa kanya ang binata. Nginitian niya ito. “Tama sila. Mag-stay ka muna kahit sandali.”

“If you insist, sige. Hindi na ako tatanggi.” suko na nito.

CHAPTER 5

NAGISING si Melissa sa pambabato ng kung sinong *Herodes* sa bintana ng kanyang kuwarto. Nanigas naman siya nang mapagsino ang boses nang nag-iingay sa labas. Napabalikwas siya ng bangon.

“Mhel, lumabas ka diyan! Mag-usap tayo, please,” anang tinig.

Tuluyan siyang napatayo at pumunta sa bintana. Nakita niya si Jake. Hindi na niya kailangan pang lumapit dito para malaman niya kung nakainom ito. Nakagat niya ang labi nang mapansin na suot pa rin nito ang suit nito.

“Mhel, I’m sorry. Let’s talk. Let’s settle this.”

Binuksan niya nag bintana. “Wala na tayong dapat pang pag-usapan. Be a man, Jake! Face your responsibilities!”

“Don’t do this to me, Mhel. Hindi ko siya mahal. Ikaw ang mahal ko!”

“Oh please Jake, stop it. I won’t believe you, kaya huwag ka nang mag-aksaya ng oras. Tama na. Don’t make it harder for me. Set me free. Masakit na masakit na, Jake!”

“Maniwala ka sa akin. Hindi ko ‘yon ginustong mangyari. Lasing ako no’n.”

“Don’t make excuses. Pagod na ko sa mga dahilan mo. Ikaw na in ang may sabi sa akin na oras na masaktan mo ako uli, ikaw na ang kusang lalayo. Do your promise, Jake!”

“But I love you, Mhel...I can’t.”

“I-I’m sorry. We’re done! Umalis ka na! Nakakabulahaw ka ng kapitbahay.” Iyon lamang at bumalik na siya sa pagkakahiga.

“Mhel!” tawag pa rin nito na kinalampag pa ang gate.

Nagtalukbong siya ng kumot. Muling nagbagtas ang luha sa mga mata niya. Kailan ba mauubos iyon? Pagod na pagod na siya. Sana bukas paggising niya ay mawala na ang sakit na nararamdaman niya.

Nakahinga siya nang maluwag nang tumigil na ang lalaki. Nahagip ng mga mata niya ang singsing na nasa daliri pa pala niya. Marahas na hinubad niya ang singsing. Sana kasabay nang paghubad niya nyon ay maglaho na rin ang pagmamahal kay Jake. Kung puwede lang sana ay ganoong kadali ang lahat. She should stop loving him. He’s not deserving. He’s not worthy for her tears, anymore.

Ipinatong niya ang singsing sa drawer niya. Isasauli niya iyon kay Jake, kung kailan ay hindi niya masabi. Pakakalmahin na muna niya ang sitwasyon. Pero ang hindi niya talaga alam ay kung kailan aapat ang pagdurugo ng puso niya. . .

PAUWI na sila sa Maynila nang araw na iyon. Pero bago sila umuwi ay naisipan muna ni Kyle na dumaan sa bahay ni Melissa. He just wanted to check on her. Kung bakit kinakailangan niyang gawin iyon ay hindi niya rin alam ang sagot.

Ilang gabi na siyang hindi makatulog sa kakaisip sa dalaga. Ganoong-ganoon din ang naramdaman niya nang unang tumibok ang puso niya para sa isang babae.. But it could be. Not

to Melissa. Hindi niya puwedeng hayaan ang sariling mahulog ang loob dito dahil hindi siya nio magagawang mahal. May mahal na itong iba. At hindi siya iyon.

Pero, niloko at sinaktan nga siya, 'di ba?

Kahit ganoon ang sitwasyon, still, nagpapahilom pa rin ito ng sugat. Masasaktan lamang siya. Goodness, inaamin na ba niyang may nararamdaman siya para rito? Sunud-sunod siyang napailing bilang sagot sa sariling tanong. No.

Nasa tapat na siya ng bahay nito ngunit napagdesisyonan din niyang umalis agad. Mas mahihirapan lamang siya kung makikita pa niya itong muli. Akmang ibubuwelta na niya ang sasakyan nang lumabas naman si Melissa ng bahay. Napahawak siya ng mahigpit sa manibela. Huli na para umalis pa siya dahil nakita na siya nito.

Kinatok nito ang bintana. Bumaba naman siya ng kotse.

“Kyle, what are you doing here?”

Simple lamang ang tanong nito pero ginimbal niyon ang mundo niya. Ano nga ba ang isasagot niya rito. “I want to see you,” bigla ay nanulas sa labi niya. “I mean, I just wanna say goodbye. Babalik na kasi ako sa Maynila, eh.”

Hindi niya malaman kung guni-guni lang niya ang paglambong ng mga mata nito o talagang totoo iyon.

“Ah, gano’n ba?”

“Oo, eh.” Tila pati siya ay nakaramdam ng lungkot. “So, where are you supposed to go?”

“Ah, susunduin ko si Yan-Yan sa school.”

“Tara, ihahatid na kita.”

“Thank you.”

Nang nasa loob na ng sasakyan ay nagtanong ito. “Hmm, anong oras ka aalis?”

“Mamayang hapon pa naman.” *That is why I want to spend the rest of my day with you,* aniya sa isip.

“Aahh...So, this would be the last time that we’ll see each other. Hi-Hindi ka na ba bibisita uli rito?”

Natigilan siya sa itinanong nito. Hindi niya iyon napaghandaan at hindi rin niya inaasahang itatanong nito iyon.

“You don’t have to answer it. Just never mind what I’ve said,” anito nang hindi makarinig ng tugon mula sa kanya.

“No. It’s okay. Kung gusto mo bang bumalik ako, then why not?” pagbbiro niya. Hindi nakaligtas sa kanya nag pamumula ng pisngi nito. “Just kidding. Pero puwede mo rin namang totohanin.”

“H-Ha? Eh kaya ko lang naman naitanong ‘yon kasi nagustuhan ka ni Yan-Yan. She was asking me kung kailan ka ba bibisita ulit. I think she’ll be lonely kapag nalaman niyang babalik ka na sa Maynila.”

“Iyon lang ba talaga?” he teased. “Ikaw ba, hindi ka ba malulungkot?”

“Kyle...”

“Pasensiya na at nasa mood akong manukso ngayon. Hmm, do you want to know what exactly I feel at this moment?”

“Huh?”

“Umaasa akong hindi ito ang huling pagkakataong makikita kita. I don’t know what’s the sense of saying this, pero nalulungkot talaga ako na hindi na kita makikita...”

NILINGON ni Melissa ang katabi. Nagtama ang mga mata nila. Those eyes... Ngayon niya lamang napansin na it was not brown, but more of a hazel. She was mesmerized by his looks. It was as if she was put under a spell. Hindi niya magawang ialis ang mga rito. Pero mayamaya’y naalala niyang nagda-drive ito. Napatingin siya sa daan.

“Kyle ‘yong bata!”

Mabilis na nagmenor ito. Habul-habol niya ang kanyang paghinga. Nang makabawi ay agad siyang bumaba ng kotse para ma-check ang bata.

“Okay ka lang ba?” aniya sa bata.

“Opo.” sagot naman nito.

She was relieved. Nang masiguro na maayos na ay bumalik na siya sa kotse.

“I’m sorry, Mhel...”

“Ayos lang iyon. Hindi naman napa’no ‘yong bata.

“Thank God!” sambit nito at pagkuwa’y binuhay muli ang makina.

Nang makarating sa eskuwelaha'y agad siyang sinalubong ng kapatid. "Ate, bakit ang tagal mong dumating? Akala ko wala nang susundo sa akin, eh. Akala ko ayaw mo na sa akin, ate..." umiiyak na sabi nito.

Pinahid niya ang luha nito. "Ssshh. Hindi naman kita papabaya. I am sorry baby kung pinaghintay ka ni ate, ah? Huwag ka nang matakot. Nandito na si ate." Pagpapakalma niya sa kapatid. "Oh look who's here?"

"Charaan!" panggugulat ni Kyle. "Miss me?"

"Kuya Kyle!" tuwang-tuwang bulalas ng kapatid. Isang beses pa lamang nagkakasama ang dalawa ngunit napalapit kaagad ang loob ng kapatid dito. "Bakit ngayon ka lang ulit dumalaw sa amin? Lagi kong tinatanong si ate kung kailan ka ulit bibista, eh."

"Really? Don't worry, I'm here na! Halika, lunch na tayo. Nagugutom na si Kuya, eh. Saan mo gusto?"

"Hmm, puwede ba kahit saan, kuya?"

"Kahit saan mo pa gusto..."

"Puwede bang sa McDo, kuya?"

"Yan!" suway niya sa kapatid.

"Liz, it's okay." Tinawag na naman siya nito sa ganoong paraan. Hindi niya maintindihan kung bakit parang may paru-parong sumisirko sa tiyan niya sa tuwing tatawagin siya nitong *Liz*. Pakiramdam niya kasi endearment iyon. Napailing-iling siya. What was she thinking?

"Pumayag ka na Liz. Minsan lang naman ito at saka baka ito na 'yong last, 'di ba?"

Napalunok siya. Tila ba may kumurot ng pino sa puso niya. For the last time... Napabuga siya ng hangin. "O-okay." Nasabi na lamang niya.

"Yeheyy!" napapalakpak namang sabi ni Marianne.

"**AALIS** ka na, Kuya? Hindi ba puwedeng dito ka na lang mag-stay?"

Napatingin si Melissa kay Kyle nang sabihin iyon ng kapatid niya. Nasa bahay na sila ng mga oras na iyon. She has seen the pain that cross his eyes. Wari ba'y tumagos din sa kanya ang sakit. Hindi niya dapat maramdaman iyon pero hindi naman niya maikakatwa ang sarili na nalulungkot siya ngayong babalik na ito sa Maynila. Sa maikling panahon ay napalapit na ito sa kanila, partikular na kay Marianne.

"*Cutie Princess*, kung puwede lang sana na mag-stay na lang ako rito, gagawin ko. But I have business to deal with. Nandoon kasi ang buhay ko, Yan-Yan."

Nandoon kasi ang buhay ko. Umalingawngaw sa kanya ang sinabi nitong iyon. Muntik na niya iyong makalimutan. Maaaring may nobya itong naghihintay sa Maynila. Sa isiping iyon ay tila ba may gumuhit na kirot sa kanyang dibdib. Para saan naman iyon?

"Kuya, basta bisita ka ulit dito, ha?"

Tumangu-tango ang binata. "Of course. Dadalawin ko kayo ulit ng ate mo rito."

"Promise?"

"Promise. Cross my heart," sabi pa ni Kyle.

Nangingiti siya habang pinagmamasdan ang dalawa. Kung dati-rati ay si Jake ang kalaro ng kapatid niya, ngayon ay ibang lalaki na. *Weird*. Siguro nga tama na kapag may nawawala, may dumarating. Pero hindi naman niya masasabing si Kyle ang naging kapalit dahil panandalian lang naman ang pananatili nito roon. At hindi ba't ngayon na ang balik nito sa Maynila?

“Are you thinking of me?” boses na nagpagising ng kanyang diwa.

“Ano? Hindi, ah. Bakit naman kita iisipin?” depensa niya.

“Dahil mami-miss mo ko?”

“Hmm, ano naman ang dapat kong mamiss? Sandali lang naman tayong nagkasama, ‘di ba?”

Nagkibit-balikat ito. “Sabagay, ako rin hindi kita mami-miss.”

Shoot! Nasaling nito ang damdamin niya. Nasaktan siya ro'n. Hindi niya akalaing magiging ganoon pala ang epekto ng sinabi niya. Pero, hindi naman totoo ang sinabi niya, eh. Ang kay Kyle...totoo. At hindi na niya itatanggi na nasaktan siya.

“Uy, natahimik siya oh. Of course, I'm telling a lie. Ikaw lang naman ang hindi makaka-miss sa akin. Even though, sandali lang ‘yong pinagsamahan natin, I still treasure those memories.”

Para bang may humaplos sa puso niya nang marinig niya iyon mula rito.

“Hmm, baka gabihin ka na sa daan.”

“Tinataboy mo na ko?”

“No. Inaalala lang kita.”

“Naks! Thank you for the concern.”

“Yan, paalis na si kuya. Say ba-bye na.” tawag niya sa kapatid.

Nang makapagpaalamanan ang dalawa ay inihatid na niya sa labas ang lalaki. Kalalabas pa lamang nila ng gate nang may biglang sumunggab ng suntok kay Kyle. Napatili siya nang bumagsak si Kyle sa semento. Nanlaki ang mata niya nang makita si Jake.

Pumagitna siya. “Stop it, Jake!”

“Walanghiya! Sino ka ba, huh? Bakit inaahas mo ang girlfriend ko?!”

“Jake, I said stop it!” malakas niyang sigaw na nagpatigil dito. “What are you doing here? Talaga bang gusto mo lagi ng eskandalo, huh? At sino may sabing girlfriend mo ko? Nagkalinawan na tayo. Tapos na tayo, Jake! Tigilan mo na ko. Patahimikin mo naman ako.”

“Katatapos pa lang natin, mayroon ka na agad na iba. You’re unfair!”

“Sino sa ating dalawa ang mas unfair, ha? Kung may iba man ako ngayon, dumaan ako sa tamang proseso, hindi katulad mo na habang may ka-relasyon ay may kalantareng iba! Umalis ka na, Jake!”

“Mhel, I’m sorry...”

“Ilang beses ko nang narinig ‘yan. Sawang-sawa na ko. Please leave! Get out of my sight!” Ngunit hindi ito natinag. “Kapag hindi ka pa umalis, tatawag ako ng pulis.”

He gritted his teeth. Naikuyom nito ang palad. Tiningnan nito ng masama si Kyle. “Hindi pa tayo tapos!”

“Leave!” sigaw niya.

At nang makaalis ito ay agad niyag dinaluhan si Kyle. “I’m sorry. Hindi ko alam na darating siya. I’m sorry.”

“I’m o-okay. Don’t be sorry.”

“You’re not okay. Halika sa loob, gamutin natin ‘yang sugat mo.” Tinulungan niya itong tumayo.

“Ate, what happened to kuya?” salubong sa kanila ng kapatid.

Natiglan siya. Ano nga ba ang ipapaliwanag niya sa kapatid?

“Lampa kasi si Kuya, Yan-Yan. Natalisod ako. But no worries, malayo naman ito sa bituka, eh,” saklolo sa kanya ni Kyle.

Hiyang-hiya siya sa nangyari. Kinuha niya ang medicine kit sa cabinet at dagli niyang ginamot ang sugat nito. Napapadaing ito sa bawat pagdampi niya ng bulak sa sulok ng bibig nito.

“I’m really sorry.”

“Sinabi ko naman sa ‘yo na wala kang dapat ihingi ng tawad, Liz.”

“Nakakahiya kasi sa ‘yo, eh.”

“Alam mo, okay nga ‘yong ginawa niya, at least naunsiyami pa ng kaunti ang pag-alis ko, ‘di ba?”

Napailing siya ngunit nakangiti. “Nakuha mo pa talagang magbiro, ah?”

“Wala namang mangyayari kung dadamdamin ko pa ‘yong nangyari. Mabuti na lang at napigil ko ang sarili ko na gantihan siya. Kung tutuusin nga, dapat pinagsususunok ko na ‘yon dahil sa ginawa niya sa ‘yo. Pero alam kong masasaktan ka once na gawin ko ‘yon so I controlled myself.”

She was touched. “Thank you, Kyle.”

“Don’t mention it. Thank you din sa paggamot sa akin.”

Pagkatapos ng ilang sandali ay saka ito umalis.

“Ito na talaga. Good-bye Liz. Masaya akong nakilala kita.” sabi nito.

She felt like crying. Sinupil niya ang sarili. Para lang siyang *ewan*. Hindi dapat nito iyon makita. “Mag-iingat ka,” tanging nasabi niya.

“I’ll see you some other time,” anito. At ang sumunod na ginawi nito ay hindi niya inaasahan. He kissed her on her left cheek. Pagkatapos niyon ay pumasok na ito agad ng sasakyan.

Napatulala lamang siya rito nang kumaway ito sa kanya. At nang makaalis na ito ay para siyang kandilang nakatulos sa kinatatayuan niya. Napahawak siya sa parte na hinalikan nito. Oh my gosh, why does it felt so good?

Dahil sa nangyari, nakikinita niyang hindi siya niyon patutulugin.

CHAPTER 6

HALOS tatlong linggo na rin naka-leave sa trabaho si Melissa, bago siya muling sumabak sa pagtuturo. Naglalakad pa lamang siya sa hallway ay pansin na niya nag pagsimpatya sa kanya ng ilang kasamahang guro. Isang matamis na ngiti naman ang ibinabalik niya sa mga ito. Ayaw niyang ipahalata sa mga ito na apektado pa rin siya. She's moving on. She wants her life back to normal. Hindi nama tamang dalhin pa niya hanggang doon ang pamimighati ng puso niya. At hindi rin tama kung iiyak na lang siya nang iiyal sa isang sulok.

Sa dalawang linggong iyon ay panay pa rin ang pambubulabog sa kanya ni Jake. Mabuti na lamang at nakakagawa siya ng paraan para makaiwas ito. She needed to keep distance from him. She still loves him. At dahil sa pagmamahal na iyon, hindi siya nakakasiguro sa sarili. Mahirap na at baka matangay na naman siya at lumambot ang puso sa dating nobyo.

Nang pumasok siya sa silid ng advisory class niya ay katahimikan pa din ang sumalubong sa kanya. She withdrew ang deep breath. Ano ba ang nangyayari? Mukhang mas apektado pa yata ang mga tao sa paligid niya kaysa sa kanya, eh. Goodness, paano ba naman siya makakapag-move on kung ganoong ipinapaalala pa ng mga taong nakapalibot sa kanya ang sitwasyon niya? Hindi ba't kaya siya pumasok ay para gumaan ang pakiramdam niya?

Inilapag niya ang mga bitbit na gamit sa table. Lihim siyang humugot ng hangin bago muling hinarap ang mga estudyante niya.

“Good morning, class!” bati niya.

Few seconds passed. Tumayo ang mga ito at bumati sa kanya. Isang matamlay na bati. Pakiramdam niya gusto na niyang lumubog sa kinatatayuan niya. Kinuha niya ang English book

at saka tumalikod para mag-lecture. Nasaan na ba ang mga estudyante niyang malambing at lagi siyang pinapangiti. Nanginginig ang kamay niya habang nagsusulat. Nagsisimulang mamuo ang luha sa mga mata niya. Itiningala niya nang bahagya ang ulo upang hindi iyon bumagsak.

“Welcome back, Ma’am Mhel!” mayamaya ay koro ng klase. Kinuyog siya ng mga ito sa puwesto niya.

Tuluyan nang umalpas ang luha niya.

“Kumusta na kayo, Ma’am? Akala po naming hindi n’yo na kami babalikan, eh. Na-miss po naman kayo. Ang saya-saya po naming na nandito na kayo ulit,” sunud-sunod na sabi ng mga estudyante niya.

Sa anim na taong pagtuturo niya, masasabi niyang ang mga estudyante niya ngayon ang pinaka naging malapit sa kanya. Napaka-open ng mga ito sa kanya at lagging sa kanya ito lumalapit sa paghingi ng advice sa isang sitwasyon. Napamahal talaga ang mga ito sa kanya. Mapa-lalaki man o mapa-babae, walang discrimination.

Nang katanghalian at matapos na ang *a.m.* classes niya, pakiramdam niya nabunutan ng tinik ang puso niya. Unti-unti. Dahan-dahan naman ang pagmu-move on, eh. Makaka-recover din siya. Darating ang araw na gigising siya nang wala ng anumang sakit sa dibdib. Babalik din sa normal ang lahat. Kailangan lamang niyang mabuhay muli nang panahong wala si Jake sa buhay niya.

Bago ba ‘ka mo dumating si Jake? Eh ‘di ba iyon naman nag panahon na nagdadalamhati ka sa unang pagkabigo mo sa pag-ibig?

Wari ba'y naparalisa ang katawan niya nang maaalala iyon. Kasabay niyon ang tila pagbalik sa kanya ng mga alaala ng nakaraan.

“Saang lupalop ba ng daigdig mo ko dinala Kate?” bulong ni Melissa sa kaibigan habang patuloy sila sa paglalakad at paghahanap ng lugar na mauupuan.

“Sa mundo ng mga tao... Tao lang din ang mga iyan, hindi dapat katakutan, bhezzie.”

“Mas nakakatakot pa nga ang mga tao kaysa multo, eh,” daing pa niya. Napatingin siya sa paligid. Ang daming tao at halatang mga alta-sociedad ang halos nandoon sa ball. Hindi pa rin niya maiwasang manliit kahit pa naka-magara naman silang damit. Hindi naman pansinin na hindi sila “belong”.

“Huwag ka ng umangal diyan, Mhel. Nandito na tayo, eh. Confidence! Alam mo, sosyalera lang sila pero talbog naman natin sila kung kagandahan ang pag-uusapan,” puno ng kompiyansang saad ni Kate na tila nabasa ang naiisip niya.

“Sana biniyayaan ako ng ganyang kataas na tiwala sa sarili,” komento niya.

Uupo pa lamang sila ay may isang lalaki na agad ang lumapit sa kanila. Kay Kate ito nakatingin na kuntodo ngiti. Palihim niyang tinirikan ito ng mata. Kabisado na niya ang mga ganoong tipo ng lalaki. Jerk.

“Hello Miss, I’m Justin,” pagkuwa’y pagpapakilala nito. May I know your name?” titig na titig na sabi nito sa kaibigan. Nagmistula siya invisible sa mga mata nito. Well, that’s just fine. She doesn’t like him even an inch.

“Oh, I’m Kate.” Naglahad ito ng kamay na maagap namang tinanggap ng lalaki at dinampian pa ng halik. At kinilig naman ang kaibigan niya!

Napapailing na umupo na siya sa bakanteng upuan sa tabi niya.

“May I have this dance with you?” narinig pa niyang sabi ng kausap ni Kate.

Mabilis pa sa kidlat ang naging pagtugon ng kanyang kaibigan. Gusto pa sana niyang awatin iyon ngunit mukhang wala na iyon sa ulirat at nalimutan nang kasama pala siya nito. She heaved a sigh. Mayamaya ay may nag-serve sa kanya ng maiinom. Wala sa sarili na pinaikot-ikot niya ang straw sa baso ng juice na pinag-iinuman niya. Nagsisimula na siyang maburyo dahil hindi naman siya sanay sa ganoong lugar. Isama pa na nakasuot siya ng red cocktail dress. Naaasiwa siya sa hitsura dahil pakiramdam niya masyadong sexy ang damit na pinasuot sa kanya ni Kate. Hapit na hapit iyon sa katwan niya. ‘Tapos naka-high heels pa siya! Nakakaloka!

Nagpalinga-linga siya sa paligid. Lahat ay pawang nagsasaya sa okasyon na iyon. Tila nag-iisa lang siya na gustong magsolo hanggang sa mahagip ng mga mata niya ang isang lalaki—doing the same that she’s doing right now. Pinaglalaruan naman nito ang hawak na goblet. Naikiling niya ang ulo. She finds him cute. Hindi nya direktang ma-describe ito dahil sa tumatakip na mask sa mukha nito. Hindi niya alam kung para saan at bakit nakaramdam siya ng inis na para bang gusto niyang lapitan ito at tanggalin ang maskara nito. For heaven’s sake, ano ba iyong iniisip niya? Hindi. Napapikit siya ng mariin. Sunud-sunod na iniling niya ang ulo.

Nang imulat niya ang mga mata ay para bang bulang naglaho ang lalaki. Hindi niya maipaliwang ang damdaming lumulukob sa kanya. Tila ba gustong maglakad ng mga paa niya. It’s kinda weird. Hindi niya maintindihan ang sariling reaksyon. Mayamaya ay natagpuan na lamang niya ang sarili na naglalakad-lakad hanggang sa mapunta siya sa garden kung saan walang tao.

“Extra careful!” babala ng isang boses ng lalaki.

Naiwasan nga niya ang boteng nakaharang sa hahakbangan niya ngunit na-overlook naman niya ang kasunod na baitang ng hagdan. Napatili na lamang siya at hinintay ang pagbagsak niya ngunit hindi nangyari ang inaasahan niya. Maagap siyang nasalo ng kung sino. At nang subukan niyang buksan ang mga mata ay para bang natuklaw siya ng ahas. Namagneto ang tingin niya sa mga mata nang pumangko sa kanya. Beautiful eyes, she thought. And oh my gosh, siya rin iyong lalaking pinagmamasdan niya!

Her pulse rate accelerated. Pakiramdam niya huminto ang pag-inog ng mundo. It was as if she fell in a cliff as she was staring on his brown eyes. No, no, no, it’s hazel! At sa dulo ng bangin ay katubigan. Hala, she was already drowned by his looks. Pero sa kabila niyon ay hindi pa rin mapuknat ang mga mata nila sa isa’t isa. Kung hindi pa niya marahil narinig ang tinig ni Kate ay hindi pa siya matatauhan. At wala talagang may balak gumalaw sa kanila!

Agad siyang bumaba rito. “T-Thanks.” Iyon lamang at tumalikod na siya. Kipkip niya sa dibdib ang sampung kabayong tila nagkakarera roon.

“P’RE ang lalim naman yata ng iniisip mo. Babae na ba ‘yan?”

Napakislot si Kyle nang marinig ang boses ng kaibigang si Lawrence sa kanya. “Ahm, ano na nga ulit ‘yong pinag-uusapan natin?”

Imbes na sagutin ang tanong niya ay tiningnan siya nito nang mapang-usig. “Magtapat ka nga sa akin, pare. Are you finally in love? Sino’ng babaeng nagpalambot diyan sa bato mong puso, ha?”

Saglit siyang napamaang at pagkaraa'y mahinang tumawa. "Renz, ano bang pinagsasabi mo diyan? Ako, in love? Ridiculous!"

Tumaas ang labi nito at saka umiling-iling. "Evidence proven, p're. Lahat ng signs ng in love ay nakikita ko na sa 'yo."

"Katulad naman ng ano?"

"Last few days, lagi kong napapansin na bigla ka na lang natutulala. Sa isang usapan ay bigla ka na lang matitigil at mahuhulog sa pag-iisip. 'Tapos papalit-palit ka ng mood."

"Iyon lang ba? Por que biglang matutulala ay in love na ang meaning? Hindi ba puwedeng marami lang akong iniisip tungkol sa trabaho? Alam mo namang pinoproblema ko ang pag-alis ni Zinia sa trabaho. Hanggang ngayon bakante pa rin ang posisyon niya."

"Iyon lang ba talaga ang dahilan?"

Sumimsim siya ng mainit na kape. Umaamin na siya. Hindi lamag talaga iyon ang dahilan pero hindi niya iyon ipapaalam sa kaibigan. Simula nang magbalik siya sa Maynila ay tila ba may kulang sa pagkatao niya. Hindi niya maintindihan. Hindi mawaglit-waglit sa isip niya si Melissa—ang maamo nitong mukha, ang mga mata nitong punung-puno ng damdamin, ang matangos nitong ilong at ang...manipis nitong mga labi. She was like a *Goddess!*

"There you are again. Magbuhat nang magbalik ka rito ay nagsimula ka nang magkaganyan. Aminin mo na lang kasing may nakabihag ng puso mo do'n sa Laguna."

"What? Wala akong dapat na aminin sa iyo, Renz. Ang mabuti pa, let's just talk about business. Wala kang mapapala kung uungkat in mo ang lovelife ko. Wala ako no'n." Itinago niya ang pait na naramdaman. Pakiramdam niya may tumusok na aspile sa puso niya.

Tinapik siya sa balikat ng kaibigan. “Kung nagmamahal ka na nga, huwag mo na siyang pakawalan pare. Hindi na tayo bumabata. Sinasabi ko ‘to dahil ayokong dumating ‘yong panahon na pagsisihan mo sa huli na hinayaan mo lang siyang dumaan sa buhay mo at hindi siya hinawakan.” makahulugang sabi nito.

Tumagos iyon sa kaibuturan ng puso niya. “Thanks for the advice.”

BUMALIK sa kasalukuyan ang diwa ni Melissa nang mag-ingay ang cell phone niya. Nang makita ang pangalan ng teacher ni Yan-Yan sa screen ng phone niya ay hindi niya maipaliwanag ang kabang bumundol sa dibdib niya. Agad niyang sinagot ang tawag. Halos mabitiwan niya ang gadyet nang malaman ang sadya ng guro nito. Hindi raw makahinga ang kapatid niya kaya isinugod sa hospital.

Walang pagdadalawang-isip na hinablot niya ang bag at kumaripas sa hospital. na sinabi ng guro nito. Mamaya na lamang siya tatawag sa principal upang ipaalam ang biglaan niyang pag-alis. Nag-uuanahan sa pagbagsak ang mga luha niya. May sakit sa puso ang kapatid niya. Nalaman niya iyon ilang buwan matapos ito mapanganak. Halos gumuho ang mundo niya sa kaalamang iyon. Iyon ang rason kung bakit hindi niya ito gaanong pinaglalaro sa labas. Hindi alam ng kapatid ang tungkol doon. Ang alam nito ay simpleng *asthma* lamang ang sakit nito. Bata pa ito at ayaw niyang ma-isolate ito sa ibang bata. Ang hangad niya ay mamuhay ito ng normal katulad ng iba. Pinakiusapan na niya ang guro ng kapatid na bantayan ito at huwag hahayaang mapagod. Ipinagtapat niya sa adviser nito ang tungkol sa sakit nito upang maipa-unawa pa lalo ang sitwasyon.

“Manong, pakibilisan naman po,” aniya sa tricycle driver.

“Sige ho.”

Nang makarating ng hospital ay sinalubonjg siya ng guro ng kapatid. “Ma’am Cindy, ano po ba ang nangyari?”

“Patawarin mo ako, Ms. Melissa. Nagpatawag kasi ng meeting ang principal no’ng recess time kaya nawaglit sa paningin ko si Marianne. Eh, naglaro ‘ata ang mga bata at nagtakbuhan. ‘Tapos pagbalik ko naninikip na ang dibdib niya. I’m really sorry.”

Inabot niya ang kamay ng guro. “Wala po kayong kasalanan. Understandable naman po ang sitwasyon.”

Mayamaya ay lumabas na ang doctor. Iyon din ang doctor na nagche-check up regularly sa kapatid. Nilapitan niya ito.

“Doc, kumusta na nag kapatod ko?”

“Not good, Melissa. Mabuti na lang at naisugod siya rito kaagad bago pa mawalan ng oxygen sa katawan. I think you should take my advice, Melissa. Habang tumatagal mas lalo pang humihina ang puso ng bata.”

Pagkatapos makausap ang doctor ay nanlulumong pumasok siya sa silid ng kapatid. Naaawang pinagmasdan niya ito. Unti-unti siyang lumapit dito. Hinawi niya ang ilang hiblang nagsambulat sa mukha nito. Tears welled in her eyes. Hindi niya kayang mawala ang kapatid niya. Tama na ang nawalan sila ng magulang. Huwag naman na sanang kuhanin pa ang taong nagbibigay ng lakas sa kanya. Hindi niya kakayanin. Ikamamatay rin niya iyon.

Doctor Santillan handed her a piece of paper. “Pag-isipan mng mabuti ito, Melissa. Kung dadalhin mo siya sa hospital na iyan, mas matututukan siya. Mas lalaki ang tsansa na gumaling ang kapatid mo.”

Napatingin siya sa kapisang papel. Sa Maynila pa ang hospital na inirerekomenda ng doctor. Noon pa man ay in-advise na nito na dalhin ang kapatid doon kaya lamang ay wala naman siyang sapat nap era para maipagamot sa isang mataas na hospital ang kapatid.

“May kakilala akong doctor d’yan. Um-oo ka lang at aabisuhan ko siya agad tungkol sa inyo para maasikaso kayo kaagad doon. Buhay ng kapatid mo ang nakasalalay dito, Melissa. At kung ang iniisip mo ay pambayad, matutulungan ka ng kakilala kong doctor. May mga nag-i-sponsor doon at mailalapit nila ang kalagayan ng bata doon. Sa gayon ay wala ka nang iintindihan sa panggastos sa pagpapagamot. Kaya, pag-isipan mo itong mabuti.”

Sumang-ayon na siya kay Doctor Santillan. Hindi na niya kailangang patagalin pa ang pag-iisip gayong nakataya ang buhay ng kapatid niya. Kung kinakailangan nilang iwanan ang buhay nila ngayon sa Laguna ay gagawin niya para lamang sa kapatid. Mahal na mahal niya ito at kahit buhay niya ay magagawa niyang ibigay rito. Katulad na lamang ng sakripisyong ginawa ng ina para rito.

Bukas ay maghahanap na siya ng marerentahang bahay sa Maynila. At kapag nakahanap na siya ay iiwan na nila ang Laguna...

HINDI na kaya pang tikisin ni Kyle ang sarili. Ibinuwelta niya ang sasakyan. Imbes na dumiretso ng kompanya ay tinahak niya ang daan papunta sa Laguna. Kailangan niyang makita

si Melissa. Mababaliw na siya sa kakaisip dito. Bahala na kung ano ang paratingan ng nararamdaman niya. Tma si Lawrence, hindi niya dapat aksayahin ang pagkakataong iyon.

Oo, hindi na niya ide-deny pa ang espesyal na nararamdaman niya para kay Melissa. Wala na siyang pakialam kung masaktan siya. That's part of being in love. Lahat naman nang sumuong sa relasyon ay nakaranas ng *sakit*. Hindi na rin siya natatakot sa *rejection*. Kung wala mang nararamdaman sa kanya si Melissa ay ayos lamang sa kanya. Mas mabuti na iyon kaysa pagkaitan niya ang sarili. At wala na rin naman siyang mapapala pa kung patuloy niyang hihintayin ang isang babaeng malaon nang makita pa niya. Apat na taon na ang lumipas at paniguradong may sarili na itong buhay...May sariling pamilya.

Nakakapagtaka na wala na siyang naramdamang kirot ngayon sa dibdib. Ganoon nga siguro makapangyarihan ang pag-ibig kapag pumasok sa puso ng ninuman. Magagawang hilumin kahit pa ang pinakamalalim na sugat. Nagagawang buuin ang wasak-wasak nang puso. Ngayon lamang niya iyon naramdaman—ang maging masaya nang ganoon. Hindi na niya pakakawalan pa iyon.

Pagkatapos ng ilang oras na biyahe ay natunton din niya ang bahay ng dalaga. Napalis ang ngiti sa mag labi niya pagkakita sa kartulang nakasabit sa gate ng tinitirhan ng mga ito. “For Rent.” No! Hindi puwede iyon mangyari. Saan sila nagtungo?

“Mister, balak n’yo po bang umupa?” anang isang tinig sa kanya.

Binalingan niya ito ng tingin. “Ho? Hindi po. Ahm, puwede ko po bang malaman kung nasaan na ‘yong dating nakatira rito?”

“Ah, sila Melissa ba ang sadya mo? Naku hijo, kaaalis lang nila kahapon. Nabigla nga rin ako, eh. Balita ko, sa Maynila ang punta nila, eh.”

“Nasabi ho ba nila kung saan sa Maynila?”

“Pasensiya na. Hindi ko alam kung saan particular sa Maynila.”

Bumagsak ang mga balikat niya. “Salamat na lang ho.” Biglay ay naglaho ang mga plano niya. Paano pa niya masasabi kay Melissa ang nararamdaman niya? At kung hahanapin niya ito, saan siya magsisimulang maghanap? Ang lawak ng Maynila.

Mukhang sa ikalawang pagkakataon ay mararamdaman na naman niya ang lupit ng pag-ibig. Mas masaklap kaysa una...

CHAPTER 7

“ATE, hindi pa ba tayo uuwi?”

Napabuntong-hininga siya. “Hindi ba’t naipaliwanag ko na sa iyo ang lahat, baby? Hindi na muna tayo uuwi doon hangga’t hindi ka pa gumagaling ng lubusan?”

“Eh ate, ang lakas ko na oh.” anito at sumayaw-sayaw sa harapan niya. Ginaya pa nito si Ryzza at pinakitaan siya ng version nito ng cha-cha.

Napangiti siya. Bibbo naman kasi talaga ang kapatid niya. She’s a very talented child. Iyon nga lamang ay limitado naman ang bawat paggalaw nito dahil sa sakit nito. Nang makarating sila sa Maynila ay agad na nagtungo sila sa hospital na sinabi ni Doctor Santillan. At gaya nga ng ipinangako nito, inasikaso kaagad sila ng mga personnel ng hospital. Nailakad din agad ang sponsorship sa pagpapagamot ni Yan-Yan. Mabilis naman ang proseso dahil kaagad na natanggap ang isinangguni nila. Wala na silang anumang babayaran sa hospital.

Naaawa nga lamang siya sa kapatid dahil kung anu-ano ang ini-inject dito. Ang dami ring gamot na ipinapainom dito. Kung puwede lamang niyang akuin ang sakit ng kapatid ay noon pa niya ginawa. Nahihirapan siya sa tuwing nakikita niyang umiinda ito ng sakit.

Mayamaya pa y napaubo ito. Agad niya itong dinaluhan.

“Oh see, hindi ka pa totally galing, baby.”

“I’m sorry, ate,” bigla ay sabi nito.

Hinaplos niya ang kaliwang pisngi nito. “Oh, para saan naman ang sorry? You don’t need to be sorry.”

“Kasi ate nahihirapan ka nang dahil sa akin. Ako naman talaga ‘yong reason kung bakit tayo nandito, eh. Ate, bumalik na tayo sa atin. Ayoko dito.”

Pinigilan niyang maiyak. “Kahit kailan hindi pumasok sa isip ko na pabigat ka sa akin. Yan-Yan, hindi tayo puwedeng bumalik sa Laguna. Nagkasundo na tayo na dito na tayo titira, ‘di ba? Dito tayo magbabagong-buhay. At saka, nangako naman si Ate Kate mo na dadalawin nila tayo dito. At minsan din naman ay dadalaw tayo sa kanila. Kaya huwag nang makulit, ha?”

Tumango naman ito at yumakap sa kanya. She bit her lower lip. Isang lingo na sila sa Maynila ngunit hanggang ngayon ay wala pa siyang nahahanap na trabaho. Mabuti na lamang ay may savings sila para sa pang-araw-araw na pagkain nila. Pero sa lalong madaling panahon ay kailangan na niyang makahanp ng trabaho. Hindi naman puwedeng umasa lang sila sa savings niya.

Napakislot siya nang kumalas ng yakap ang kapatid.

“Ate, ‘di ba tagarito sa Maynila si Kuya Kyle? Puwede ba natin siyang dalawin?”

Ngayon lamang niya ulit naalala si Kyle. “Hmm, baby, hindi natin alam kung kng saan exactly dito sa Maynila nakatira ang Kuya Kyle mo, eh.”

“Ayy ate, binigyan niya nga po pala niya ako ng calling card!” Pagkasabi niyon ay nagtungo ito sa kuwarto nito. Pagbalik nito ay dala-dala na nito ang isang card. Inabot nito iyon sa kanya.

“Kailan niya ‘to binigay?” Hindi niya kasi maalalang may ibinigay si Kyle sa kapatid.

“No’ng day po na aalis na po siya. Sa may *McDo* po. Inabot niya po sa akin no’ng magpunta kayo ng restroom.”

Ah, iyon naman pala ang dahilan kung bakit hindi niya iyon alam.

“Sabi po ni Kuya, tumawag daw po tayo sa kanya kapag kailangan po natin ng tulong. Ate, I want to see Kuya Kyle. Miss ko na po siya. Saka, baka matulungan ka po niyang maghanap ng trabaho...”

Gustuhin man niyang humingi ng tulong dito ay wala naman siyang sapat na lakas ng loob. Isa pa, hindi pa niya it lubusang kilala. Alam niyang mapagkakatiwalaan ito kaya nga lamang ay isinasaalang-alang niya ang agwat nila. Nasisiguro naman niyang galing ito sa isang maimpluwensiyang pamilya. Hindi rin malabong may nobya na ito, o baka nga asawa pa.

Kung may girlfriend na siya, bakit hinalikan ka niya? At kung may asawa na siya, lalong hindi dapat siya gagawi ng ganoon.

But still, ayaw niyang bigyan ng malisya ang halik nito. For goodness, it was *just* a kiss on the cheek! Baka para rito ay wala lamang iyon. Isang pang-kaibigang halik na walang anumang *meaning*. At kung may ibig man iyong ipahiwatig sa kanya, hindi niya kayang pahintulutan iyon. Hindi pa siya handang muling umibig...lalo na ang masaktan.

“Ate?” nakikiusap ang mga mata ng kapatid.

“Hmm, sige. Susubukan kong kontakin siya,” nasabi na lamang niya nang tumigil na ito sa pangungulit.

NAPATITIG si Melissa sa hawak na calling card. Ang sabi niya noon ay hindi siya hihingi ng tulong dito ngunit lumipas na naman ang ilang araw at hindi pa rin siya makahanp ng trabaho. Hindi naman puwedeng nakatanga lamang siya roon sa bahay. Isa pa, nagawa na niya muling

ipasok sa eskuwela si Yan-Yan. Mabuti at may malapit lang na eskuwelahan sa kanila at tinaggap naman ito roon.

Pinaikot-ikot niya sa daliri ang calling card ni Kyle. Huminga siya nang malalim. Bahala na. Kailangan na talaga niya ng tulong. Inabot niya ang cell phone sa isang tabi at saka idinayal ang numero ng binata. Ngunit nakakailang ring na ay hindi pa nito sinasagot ang tawag niya. A nang dangang ie-end call niya na ay saka naman sumagot ang nasa kabilang linya.

“Hello,” ani tinig sa kabilang linya.

Nanigas siya. Hindi boses ni Kyle ang bumungad sa kanya kundi isang boses ng babae.

“Hello, who’s this?” sabi pa ng babae.

Sa sobrang pagkabigla ay pinindot niya ang end call button. Para ba siyang nakipagkarera sa kabayo sa sobrang paghingal niya. Ang bilis ng tahip ng dibdib niya. At bawat pagpintig ng puso niya ay para bang may hapdi siyang nararamdaman. So confirm nang may girlfriend ang lalaki.

Paano mo naman nasabi na girlfriend nga niya iyon?

“Shut up!” inis na sagot niya. Ayaw na niyang makinig pa. At saka dapat na ikasiya niya iyon. Dahil kung sakali mang may nararamdaman ang binata sa kanya ay hindi niya iyon matutugunan. Pira-piraso na ang puso niya. Hindi na niya magagawa pang magmahal muli...

Pero bakit ngayon ay may bahagi ng puso niya ang tumututol sa gusto niyang mangyari?

KINUHA ni Kyle mula sa kapatid ang cell phone. Tiningnan niya ito ng masama. “Sino ang may sabing pakialaman mo ang gamit ko, Chris Thalia?”

“Kuya relax ka lang, okay? May tumatawag kasi sa iyo. Eh nasa banyo ka naman. Concerned citizen lang ako at naisip ko na baka emergency kaya ako na ang sumagot. Ako na nga ang nagmamagandang loob, eh. Tsk!” Napalatak pang sabi ng kapatid.

“Hay naku, don’t make an alibi, Thalia. Puwede namang kinatok mo ako sa banyo, ‘di ba? You should have called me. Ang sabihin mo lang kasi hinahalungkat mo ang cell phone ko. Thalia, wala kang mababasang kahit ano rito.”

“Bahala ka kung ano ang gusto mong isipin, kuya. Basta, malinis ang konsensiya ko. At naabutan ko nang nagri-ring iyan. Kung tutuusin nga kasalanan mo dahil hindi mo narinig.”

Napapailing na lamang siya. “Sino ba ‘yong tumawag? Ano’ng sabi?”

“Unknown number, kuya. Eh hindi nga ako sinagot. Parang timang lang. Tumawag pero hindi naman ako sinagot.”

“Baka natakot sa boses mo,” natatawang sabi niya. In-scan niya ang *received calls* sa cell phone niya. Unknown number nga iyon. Sino naman kaya iyon?

“Hoy kuya, ang ganda-ganda ng boses ko, noh! I think, you should return a call. Kuya, baka naman babae mo ‘yon, ah? Hala, lagot ka!”

Dinutdot niya ang noo nito. “Kung anu-ano na naman ang pumapasok diyan sa isip mo. Hindi na talaga ako magtataka kung bakit hindi ka nag-atubiling sagutin ‘yong tawag, eh. At ano na naman ang ginagawa mo rito?”

“Ang sweet naman ng bungad sa akin ng kuya ko? Na-touch ako, grabe! Aba, por que ba may asawa na ako bawal na akong bumisita rito?”

“That’s not what I mean. Nakaka-sense lang kasi ako na may kung ano ka na namang ipapagawa sa akin, eh. Oh please lang, tigilan mo na ako sa mga blind date na ‘yan, ah? Kaya kong pumili ng para sa sarili ko, Thalia.”

Nagningning ang mga mata nito. “Kuya, meron na ba?”

“Oo, meron na. Kaya please lang tigilan mo na ko ha?” aniya sa kapatid. Hindi totoo ang sinabi niya. Sinabi niya lamang iyon nang tigilan na nito ang pagreto ng kung sinu-sinong babae sa kanya.

“Oh really? Wow, two good news at one day!” bulalas nito.

Napakunot ang noo niya. “What do you mean?”

“Kuya, I’m just here to inform you that I’m seven weeks pregnant!”

“Naks! Congratulations, little sis!” He’s so happy for her sister. Alam niya kasing gusto na talaga nitong magkaroon ng anak.

“Kuya, I wanna meet your girlfriend soonest as possible. Kukunin ko siyang Ninag, ah?”

Napalunok siya. Tila pinagsisisihan na niya na sinabi niyang may girlfriend na siya. Wrong move. Paano na ngayon ang gagawin niya?

“Kuya, kung ako sa ‘yo huwag ka nang magpatumpik-tumpik pa. Alukin mo na agad ng kasal!” sabi pa nito.

Nanlaki ang mga mata niya. “Hoy Mrs. Chris Thalia Sandoval-Tan, ano ang akala mo sa kasal, basta-basta lang? We’re still in the stage of getting to know each other...” Sumasakit na ang ulo niya. Paano niya matatakas ang sariling gusot na ginawa?

“Okay fine. Basta, I want to meet her. Oh pa’no kuya, I have to go. May pupuntahan pa kami ni Berting, eh. Just call me if nakapag-set ka na ng date, ah?”

Napatango na lamang siya. *Hahay*, ano ba iyong nagawa niya?

NAGHAHANAP si Melissa sa Classified Ads nang maaaring mapasukang trabaho nang biglang tumunog ang cell phone niya. Naalala niyang tatawagan siya ni Kate nang hapong iyon kaya walang pagtutumpik na sinagot niya ang tawag.

“Hello Kate, I’d been waiting for your call. Finally, you made it!” agad na bungad niya.

“Sorry. May I know who’s this?”

Napakunot ang noo niya. Inalis niya sa tainga ang aparato at tiningnan ang screen ng kanyang cell phone. Napahumindig siya nang makita kung sino ang umawag sa kanya. Kay Kyle ang number na iyon. Hindi siya maaaring magkamali. Ibinalik niya sa tainga ang gadyet. Bigla ay umatikabo sa pagkabog ang puso niya.

“Hello?” ani ng kabilang linya. “You have called me yesterday, kaya lang iba kasi ang nakasagot ng tawag. I just want to know kung ano ang kailangan mo sa akin.”

Wala siyang maapuhap na isasagot.

“Are you still there?”

“Y-Yes.” Huminga siya nang malalim. “Kyle, si Melissa ito.” sa huli ay nasabi niya.

“I’m right, ikaw nga ba talaga iyan Melissa? Akala ko nagkamali lang ako ng narinig kanina.”

“Yes Kyle, si Melissa nga ito. Pasensiya ka na kung tinawagan kita.”

“No, it’s fine. Bakit ka nga pala napatawag? Oh by the way, galing ako sa inyo, I think more than a week ago. Ang sabi nasa Maynila raw kayo? Ano ang nangyari?”

Nagulat siya sa sinabi nito. So, tinangka pa pala nitong bisitahin sila. Hindi niya niya napagbawalang nang may bahagi sa puso niya ang nagalak sa kaaalamang iyon. “Oo, nandito nga kami sa Maynila. It’s a long story kung bakit kami ngayon biglaang napasugod dito.”

“Uhm. I want to see you. I mean, gusto ko kayong makita ni Yan-Yan. Puwede ba?”

Hoy bruha, huwag mo nang hayaang mapalapit ka pa sa kanya. Alalahanin mong may girlfriend na siya!” paalala ng kanyang isip.

Teka lang, hindi pa naman komfirmado, ah? Tingnan mo nga, pinuntahan pa pala kayo sa inyo,” salungat naman ng kanyang puso.

Nanaig ang puso niya. “Bakit naman hindi? Sige, let’s meet.”

Nang magkasundo kung saan sila magmi-meet ay nagkapaalaman na sila. Nang maibaba niya ang phone ay napahinga siya nang marahas. Parang gusto niyang iuntog ang sariling ulo. Napatalungko siya sa mesa. Ano ba ang nangyayari sa kanya? Bakit niya pinahintulutan na bigyan ng pagkakataon ang lalaki na magkita pa sila uli?

“Ate?”

Nag-angat siya ng ulo nang marinig ang boses ng kapatid.

“Are you okay, ate?”

Pinalapit niya ito at saka iniupo sa kandungan niya. “Oo naman. You know what? I have a surprise for you.”

“Ano po iyon ate?”

“You’ll see it later. Halika na’t magbihis ka na.”

Nang makapagbihis ay dumiretso sila sa katatagpuan nila ni Kyle. Siya ang nag-suggest na sa *Baywalk* na lamang sila magkita. Gusto niya rin kasing mapagmasdana ng paglubog ng araw.

“Ate, nasaan na iyong sorpresa mo?” naatat na tanong ng kapatid sa kanya.

“Parating na...”

“Yan-Yan!” sigaw ng pamilyar na boses.

Sabay silang napalingon ng kapatid sa pinanggalingan ng boses. Kitang-kita niya ang saya sa mukha ng kapatid. Tinakbo nito ang lalaki. Binuhat naman ni Kyle ang bata. Napangiti siya. Naisip niya, mas lalong mahihirapan siyang paglayuin ang dalawa dahil naging malapit na ito sa isa’t isa.

“Na-miss kita, cutie princess. Kumusta ka na?” Narinig niyang sabi ni Kyle.

“I missed you too, Kuya. Na-hospital po ako pero ayos na po ako,” sagot ng kapatid.

“Bakit ka naman na-hospital?” may pag-aalala sa tinig nito.

“May hika po kasi ako, eh. Sinuway ko po ang sabi ni ate na huwag tatakbo kaya po nadala ako sa hospital.”

“Oh sa susunod, you should obey your ate, okay?”

Tumangu-tango naman si Marianne. Pagkaraan ay lumapit ito sa kanya. Ibinaba nit ang bata sa bench. At muli ay ginulat siya nito sa sumunod nitong ginawa. Niyakap siya nito. Mahigpit.

“Na-miss din kita, Melissa... Did you miss me?”

It made her body frozen. Parang hinahabol ng sampung kabayo ang puso niya sa bilis ng pintig niyon. Pero sa totoo lang, she loves being wrapped around his arms. It felt like heaven. So good.

Ayaw niyang sagutin ang tanong nito. Ginantihan na lamang niya ito ng yakap. Siguro naman ay sapat nang sagot iyon. Yes, she missed him. Gustuhin man niyang kontrolin ang nararamdaman ay natatalo naman siya ng kanyang puso. Pero basta, hanggang doon na lamang siguro ang sa kanila.

CHAPTER 8

“KUYA KYLE!”

Napakalas ng yakap si Kyle sa kanya nang marinig nito ang pagtawag ng kung sino. Lumipad ang tingin ni Melissa sa babae. Sexy ito. Mala-Miss Universe ang hubog ng katawan nito. In short, maganda ito. So, ito ba ang girlfriend ni Kyle?

Bruha! Hindi mo ba narinig ‘yong sinabi no’ng babae? Tinawag nga siyang kuya, ‘di ba?

Eh, kung ganoon kaanu-ano nito ang babae? Kapatid?

“Hey kuya, dito pala ang meeting place n’yo ng girlfriend mo, ha? Madaya ka kuya, hindi ba’t nangako ka na ipapakilala mo siya sa akin,” ani babae.

Namantal ang kanyang noo. Sino’ng girlfriend ang tinutukoy nito?

Lumapit sa kanya ang babae. “Hi! I’m Chris Thalia. You can call me either Chris or Thalia. What ever you prefer, it’s fine with me. I’m Kuya Kyle’s little sister, by the way. Salamat at nakilala ko rin sa wakas ang girlfriend niya. Alam mo bang ikaw ang kauna-unahang girlfriend ni kuya?”

“H-Ha?” Napatingin siya kay Kyle. Oh my gosh, ano ba ang nangyayari?

“Thalia, prenuhan mo nga iyang bibig mo. At saka, what are you doing here?”

“Kuya, walang masama kung makikilala ko ang unang babaeng tumunaw ng pagiging pihikan mo.” Lumipat ang tingin nitong muli sa kanya. “Ate, may I know your name?”

Alumpihit siya kung sasagot siya. Bago siya sumagot ay napatingin pa siya kay Kyle. Nakikiusap ang mga mata nito. Bumuka din ang bibig nito na para bang nagsasabing, “Magpapaliwanag ako mamaya.”

Inilahad niya ang kamay. Bahala na. “I’m Melissa. It’s nice meeting you, Chris.”

She reached her hand. “And what’s the name of this little cute child?” tukoy nito kay Yan-Yan. Halos makalimutan na niyang nandoroon ito. Nakatingin lamang ito sa kanila.

“Hello po. Ako po si Yan-Yan.” ani kapatid niya.

Niyukod ito ni Chris at saka pinisil ang pisngi nito. “Sana maging kasing-cute mo ang baby ko.”

“May baby po kayo?”

Tumango ang babae. “Oo. Nandito pa siya.” anito na itinuro ang sinapupunan.

Hinawakan naman niyon ng kapatid niya. “Hello sa ‘yo baby.”

Napangiti si Chris. “Oh wow. Pinapasaya mo ko. You’re so cute. Naku, parang gusto ko yata na lagi kang makikita, ah?”

“Thalia, paglilihian mo lang iyan si Yan-Yan, eh. Baka gawin mo pang laruan ‘yan. And wait, hindi mo pa sinasagot ang tanong ko. What are you doing here? Wala ka bang kasama?”

Tumayo ito. “Nag-meet kami ni Yna dito. Do you still remember her? Jeff’s sister. At huwag kang mag-alala kuya. Hindi ko naman sisirain moment n’yo. Masosolo mo si Ate Melissa. Parating na si Bert.”

Pinamulahan si Melissa sa sinabi ni Chris.

“Thalia, lalagyan ko na talaga ng scotch tape ‘yang bibig mo.”

“Hay naku, totoo kasi... Ate, kapag ikaw pinaiyak nito, sabihin mo lang sa akin, ha? Ako mismo ang *babangas* sa pagmumukha niyan! Walang kapa-kapatid sa akin.”

Nangiti siya sa sinabi ng babae. Napaka-strong ng personality nito. At halata naman na close din ang magkapatid kahit pa ganoong nag-aaway ang mga ito. Mayamaya pa ay dumating na ang kasama nito. Ipinakilala siya nito sa asawa nito. They were perfect couple made by heaven.

“**MELISSA**, I’m sorry about kanina.”

Tiningnan niya si Kyle. “Okay lang. Ahm, paano mo maipapaliwanag sa kapatid mo na mali ang akala niyang ako ang girlfriend mo? Nakakahiya din na inagawan ko ng posisyon ang girlfriend mo.”

His forehead formed a crease. “Inagawan? No, Melissa. Wala pa talaga akong girlfriend. I just have to say to Thalia na may girlfriend na ako para tantanan niya nang i-set ako sa blind date. And I’m so sorry talaga at nadamay ka pa.”

No, Melissa. Wala pa talaga akong girlfriend. Nag-echo iyon sa pandinig niya. Kompirmado! He’s still single. Pero sino ‘yong sumagot sa tawag niya nang nakaraang araw? Oh my god, si Chris ba ‘yon?

“Kyle, no’ng tumawag ako the last time...Uhm, sino ‘yong nakasagot?” Hindi niya natiis na itanong dito ang tungkol doon. Gusto niyang makasiguro.

“Oh wait, iniisip mo bang girlfriend ko ‘yong sumagot sa tawag mo? Kaya ba hindi ka sumagot?” Natawa ito nang mahina na ikinapula ng pisngi niya. “Si Chris lang ‘yon, Liz.”

“Malay ko ba...”

“Gaya nang narinig mo sa madaldal kong kapatid, pihikan ako. Hindi pa ko nagkaka-girlfriend.”

Bakit ba parang ang sarap pakinggan no’n? Naipilig niya ang ulo. Kung anu-ano na naman ang iniisip niya. Tiningnan niya ito. “Ahm, ano na ang plano mo ngayon?”

Naramdaman niya ang paghugot nito ng hangin. “Ahm, Liz, may...May I have a favor?”

“Ano naman ‘yon?”

“Puwede bang mag-pretend pa rin tayong may relasyon? Just in front of Thalia. Okay, in front of my family. I know na mababanggit ito agad ni Thalia sa parents ko, eh. I don’t want to disappoint my parents. Matagal na rin kasi silang umaasa na magse-settle down na ko. Pasensiya ka na at wala kong mapapakiusapan na iba na magpanggap na maging girlfriend ko. Temporary lang ito, promise.”

Temporary? Bakit parang may kung anong kirot siyang naramdaman sa puso?

“Pero kung gusto mo ay gawin na nating permanent.” anito na ikinabigla niya. “Just joking!” Bigla ay bawi nito.

She breathed heavily. “Hindi ko alam kung tama ito pero sige, tutulongan kita. Pero no kisses involve, okay?”

“Ahm wait, what about if it is needed? You know...”

She swallowed. “Okay, a kiss in the *cheek* is fine with me. Hanggang doon lang.” mariing sabi niya. Nang akmang tila tututol ito sa sinabi niya ay pinangunahan na niya ito. “If you can’t comply, you’d rather find another one to represent as your girlfriend.”

“Teka, ang sasabihin ko lang naman, eh, “okay”. Ano naman ang masama do’n?”

“Hmm, I thought you’re about to complain, eh.” Bigla ay nakaramdam siya ng hiya. Pakiramdam niya sinisilihan ng apoy ang buong katawan niya.

Tumawa ito ng malakas. Napatingin lamang siya rito. Dapat ay mainis siya rito but she found him cute. There. She was mesmerized by his laughs. Ang sarap pakinggan ng pagtawa nito. Nakakahalina. Nakakahawa. Nang tumigil ito ay dagli siyang nag-iwas ng tingin at saka ito hinampas nang mahina sa balikat.

“Sige, mang-inis ka pa!”

“Hindi na po. Gusto ko lang namang subukan kung paano ka mainis, eh. At grabe, pulang-pula ka. But still, you’re so cute.”

Hala, mas lalo pa yata siyang namula sa sinabi nito. Napalabi siya. “Huwag ka na ngang mang-uto diyan.”

“Sinasabi ko lang naman kung ano ang nakikita ko. Okay. Let’s just talk about sa biglaang pag-settle n’yo rito sa Maynila. For good na ba ‘yan? At bakit bigla-bigla naman yata? Hmm, may asthma pala si Yan-Yan?”

Napatingin si Melissa sa kapatid na masayang nakikipaglaro sa ibang bata. Muli na namang nanuot ang sakit sa dibdib niya nang maalala ang kalagayan nito. “Hindi ko rin masasabi kung hanggang kailan kami dito, eh. Maybe, for good na rin siguro. I can’t just tell.”

“May problema ba?” nag-aalalang baling nito sa kanya.

Mula sa kapatid ay lumipat ang tingin niya rito. Mababanaagan ang paghahangad nitong malaman ang nangyayari. Bumuntong-hininga na siya. “It’s not true, Kyle. Walang asthma si Yan-Yan...” Pakiramdam niya anumang oras ay lalaglag na ang luha niya. “Mas malala pa do’n ang sakit niya. May...May sakit siya sa puso, Kyle. Namana niya iyon sa mother namin na siya ring ikinamatay nito.” There. Tears were freely falling down her cheeks. “Her doctor advised me to bring her here for a better opportunity na gumaling siya. Hi-Hindi ko kayang mawala sa akin si Yan-Yan. Sapat na ang nawalan kami ng magulang. Ayoko nang maulit pa ‘yon...”

Kyle squeezed her hand. Dagli niyang pinunasan ang mga luha niya. Masyado na yata siyang maraming sinabi rito. Kapag kasi iyon na ang usapan ay hindi niya talaga mapigil ang pagbuhos ng emosyon. “I’m so sorry for being dramatic. I just can’t—”

“Sssh...” pigil nito sa sana’y sasabihin niya. “It’s okay. I understand. So how’s her condition so far?”

“These past few days, madalas siyang atakihin. Ang daming gamot na itinuturok sa kanya. Everytime I see her in pain, gustung-gusto kong pagpalitin ang sitwasyon naming dalawa.

She's too young to suffer like this, Kyle. Sana ako na lang ang nasasaktan at naghihirap. I wanted her to have a normal life—to live like any other kids there na walang inaalala na kailangan limitado lamang ang galaw niya. I wanted to spoil her with everything she wants. Gusto ko pa siyang makasama nang matagal. Hindi ba't ako ang dapat mauna mamatay?" Tiningnan niya si Kyle.

Binura nito ang mga luhaning tumakas sa mga mata niya. He took her face. "You should be strong, Melissa. Have faith. There is nothing impossible with Him. I know He'll guide Yan-Yan. Alam kong hindi rin siya pababayaang mga magulang mo. Hindi ko alam kung maniniwala ka sa sasabihin ko, but I want you to know that you're not alone, okay? I'm just here, Liz... I will *always* be here for you..."

HINDI akalain ni Melissa na sa mismong kompanya ni Kyle siya magtatrabaho. When she asked him if he could help her find a job ay hindi ito nag-atubili at binigyan siya agad ng trabaho. At hindi nga niya inaasahan na roon sa kompanya nito siya nito ipapasok.

Tiningala niya ang halos tatlung palapag ng Sandoval Tutorial Group of Companies. The company offers an online-teaching program. At iyon ang kauna-unahang beses na mararanasan niyang magturo via computer. Sa totoo lang, wala siyang ideya kung paano niya uumpisahan ang pagtuturo. Pero inabisuhan naman siya ni Kyle na io-orient pa lamang siya ngayong araw sa trabaho. Bilib siya sa kompanya dahil hindi madali ang ganoong trabaho lalo pa't hindi ganoon ang assurance na natututo ang bata. She have read the policies and strategies implemented by the company and she found it very efficient.

Naoahinga muna siya nang malalim bago nagtuloy sa pagpasok sa matayog na gusali. Pakiramdam niya nakamata ang mga tao sa paligid niya. Hindi na lamang niya iyon pinansin. Natural lang naman iyon sa mga tao kapag nakakakita ng bago. Sumakay na siya ng elevator. Sa 24th floor siya naka-assigned. Mag-isa lamang siya sa loob. At nang nasa 15th floor na ay biglang bumukas ang elevator at napaayos siya ng tayo nang mabuglawan ang mukha ni Kyle. Oh, should she start calling him ‘Sir’? Nais niyang kaltukan ang sariling ulo sa naisip na tanong. Of course, dapat na niya itong tawaging Sir.

“G-Good morning, Sir.”

Salit na nangunot ang noo nito. “Do you really need to call me Sir? ‘Kyle’ would be fine with me, Liz.”

“Even if we know each other, I should behave in a proper way. You’re my boss and I’m just one of your employees,” mabilis niyang sagot. Hindi niya maintindihan pero parang pinagpapawisan siya. Bagama’t malaki pa ang espasyo sa elevator ay tila napakasikip niyon para sa kanilang dalawa. *Shucks*, what’s happening to her?

His words kept haunting her. Hindi niya magawang makausad magmula nang marinig niya rito iyon. *Hindi ko alam kung maniniwala ka sa sasabihin ko, but I want you to know that you’re not alone, okay? I’m just here, Liz... I will always be here for you...* Tinangka niyang tanungin ito sa kung ano ang ibig nitong sabihin pero baka magmukha naman siyang *assuming* sa paningin nito kaya sinarili na lamang niya iyon. Pero paano kung tama ang pakiramdam niya na may interes ito sa kanya? Naipailing-iling siya. *Nah*, imposibleng magkagusto sa kanya ang isang Kyle Sandoval.

“Liz, are you okay?”

Napamaang siya rito. And there again, umakyat ang dugo niya patungo sa kanyang pisngi. Bakit ba lagi siyang napapraning kapag kasama niya ito? “I’m o-okay.” Mukhang ang sarili yata niya ang dapat niyang tanungin at pakiramdaman.

“Wala kang dapat ipag-alala sa trabaho mo, Melissa. Very approachable and friendly naman ang mga employees dito, so wala kang dapat ikatakot. Siguro nga maninibago ka sa new environment mo pero masasanay ka rin.”

She forced a smile. “Thank you for being so kind to me, Kyle. Hindi ko alam kung paano ako makakabawi sa mga kabutihang pinapakita mo sa amin ng kapatid ko.” *Hulog ka ng langit*, naiusal na lamang niya sa sarili.

“You deserve this opportunity, Liz. At napamahal na rin talaga sa akin si Yan-Yan, eh. And remember, may kasalanan ako sa ‘yo. Dinamay pa kita sa gusot na ginawa ko—”

Naputol ang sasabihin nito nang huminto na ang elevator sa floor kung saan siya naka-assigned. Napatingin siya rito at naunawaan naman nito ang ibig niyang ipahiwatig ng tingin niya. Lumabas na siya at nagulat siya nang pati ito ay lumabas.

“I’ll formally introduce you to them.”

Napatango lamang siya. Naglakad na siya.

“Extra careful!”

Tatama na sana siya sa pabukas na pinto kaya lamang ay maagap siyang nasagip ni Kyle. He quickly grabbed her arm. Napasubsob siya sa dibdib nito at bahagya pa siyang napasinghap nang maamoy ang pabango nito. Nang mag-angat siya ng tingin ay nagsalubong ang mga mata nila. Napatulala siya rito. Pakiramdam niya nagbalik siya sa nakalipas—apat na taon na ang

nakakaraan...The way he looked at her reminds her of the mysterious guy who first touched her heart. At 'yong paraan nang pagbabala nito sa kanya kanina ay parehong-pareho sa warning na ibinigay sa kanya ng lalaking nakasagupa niya noon.

“Oh, I’m really sorry Miss...” Kung hindi pa marahil nagsalita ang babaeng iyon ay hindi pa sila matitinag sa pagtitig sa isa’t isa.

Tinanggal niya ang mga kamay na nakapatong pala sa balikat nito. Nahihiyang hinarap niya ang babae. “May fault din ako sa nangyari. Pasensiya na.”

“Ikaw na siguro ‘yong bagong teacher, ‘noh? Welcome to STC!” mainit na pagbati nito.

Doon pa lamang lumapit si Kyle sa kanila. “So we better go inside nang makilala ka na rin ng iba.”

Tama si Kyle. Napaka-friendly ng mga kasamahan niya.. Pakiramdam nga niya hindi siya bago sa industriyang iyon. Nagkukuwentuhan sila na para bang dati na silang magkakakilala. In-orient din siya ng mga ito sa trabaho at nag-share ang mga ito ng karanasan sa kanya. At dahil sa nangyari kanina, hindi naiwasang maangkat kung may kaugnayan siya kay Kyle. Unang-una, hindi naman daw siya napansin ng mga ito na nag-apply sa kompanya. At ikalawa, sa nakita raw ni Lorna—iyong babaeng nagbukas ng pinto—iyong tingin nila sa isa’t isa ay may ‘something’ daw.

“Okay, I won’t deny it. Magkakilala na talaga kami pero kailan ko lang siya nakilala. No’ng malaman niyang I’m a teacher at siguro no choice na rin siya kaya ‘ayun, nandito ako ngayon.”—Ito ang siyang sagot niya sa mga ito. Pero, hindi pa rin naging kontento ang mga ito

sa sagot niya at lalong naghinala ang mga ito nang pumunta si Kyle sa department nila kintanghalian.

“Can I invite you for lunch?” bungad nito sa kanya nang makalabas na siya sa loob ng silid.

Gusto niyang kutusan si Kyle anng mga oras na iyoin. Hindi man lang nito hinintay na makaalis ang mga kasamahan niya bago siya nito niyayang mag-lunch. Lalo tuloy siyang uulanin ng intriga ng mga aka-department mamaya.

“Sige na Mhel, huwag ka nang magpakipot,” bulong sa kanya ni Lorna. Ganoon dina ng kanyaw ng ibang kasamahan.

Nahihiyang hinarap niya si Kyle. “Who am I to refuse your invitation, *Sir*?” Nasabi na lamang niya. Nagpatianod siya nang hawakan nito ang siko niya na nagdulot naman ng laksang kilabot sa bawat himaymay ng katawan niya.

CHAPTER 9

“**KYLE**, hmm, hindi ka ba naaasiwa na kasama ako?” ani Melissa nang makarating sa restaurant na pagkakainan nila. “I mean, hindi mo ba naiisip ang sasabihin ng iba kapag nakita tayong magkasama? I am just your—”

“Liz,” pigil ni Kyle sa susunod niyang sasabihin. “Wala akong pakialam sa iisipin ng iba. At wala tayong ginagawang masama, ‘di ba? We’re friends, right?”

“Pero kasi... Ayoko lang na magkaroon ka ng issue. Ayokong masira ang pangalan mo nang dahil sa akin.”

Hindi ito agad na nakapag-react sa sinabi niya dahil sa pagdating ng waiter. Sinabi nito ang order niya at pagkuwa’y tinanong siya nito sa napili niya. Nang makaalis ang waiter ay saka siya nito hinarap.

“Melissa, they don’t have right to interfere with my own life. Gagawin ko kung ano ang gusto kong gawin. At bakit naman iisipin mo na masisira mo ang pangalan ko? Dahil empleyado kita at ako ang boss mo? God, lahat tayo pantay-pantay, Liz. Hindi ako tumitingin sa estado ng isang tao. Ganoon ba ang tingin mo sa akin?”

Nabigla siya sa sinabi nito. “Of course not! Concern lang naman talaga ako sa ‘yo.”

“You better ask my employees on how I handle the company, Liz. Please don’t think negative thoughts. At kung inaalala mo itong pag-imbata ko sa ‘yo ng lunch, it has a purpose. I needed to discuss some matters with you.”

Malumanay ang pananalita nito ngunit mababakas ang pagiging irritable nito sa topic. Naiyuko niya ang ulo. Mali ba ang sinabi niya? Talagang inaalala lang naman niya ang magiging

reputasyon nito, eh. Ayaw niyang ma-involve ito sa kung anong issue nang dahil lamang sa kanya. Mali ba iyon? Parang kumirod ang puso niya. Niyaya siya nitong mag-lunch hindi dahil sa gusto nito kundi dahil sa kung anong dahilan.

“I-I’m sorry Kyle...” nasabi niya, kqasabay naman ng pagdating ng order nila.

“Pasensiya na rin if I sounded like annoying. Ito n asana ang huling beses na mapagtatalunan natin ang tungkol sa bagay na ‘yon. Please bear in mind that I’m not the kind of man who look at the standing of a person.” anito na napabuntong-hininga. “Let’s eat first saka ko sasabihin ang dahilan ng lahat ng ito.”

Isang tango ang itinugon niya.

BANTULOT si Melissa na umibis ng sasakyan. Nasa tapat siya ng mansiyon ng mga Sandoval. Napalunok siya nang tanawin niya ang tirahan ng mga ito mula bintana ng kotse. Hindi talaga maipagkakaila na maimpluwensya ang pamilya nina Kyle.

“Ate, hindi pa ba tayo bababa?” kalabit sa kanya ng kapatid.

Iyon pala ang rason kung bakit siya niyayang mag-lunch kanina ni Kyle. May gathering ang pamilya ng mga ito. Ayon dito ay silver anniversary ng mga magulang nito at naimbitahan siyang pumunta roon. Gaya nga ng inaasahan, naibalita ng kapatid nito sa parents nito ang tungkol sa engkuwentro nila.

Nakapangako na siya kay Kyle na tutulungan niya ito sa problema nito. She owed him a lot. At iyon na lamang ang makakaya niya para suklian ang kabutihan nito sa kanilang magkapatid.

Tiningnan niya si Yan-Yan. “Baby, ayos lang ba ang hitsura ko?”

She smiled sweetly. “You’re very beautiful, ate.”

Pinisil niya ang pisngi nito. “Inuuto mo lang yata ang ate, eh.”

“I don’t, ate. Di ba nga po bad ang mag-lie? Ang ganda-ganda n’yo po kaya. Kamukha mo po si *Belle*, ate,” tukoy nito sa Disney Princess. “Halika na ate. Baka hinhintay na tayo ni Kuya Kyle.”

Napahinga pa muna siya nang malalim bago bumaba ng sasakyan. She’s wearing the same red cocktail dress that she wore four years ago. Iyon lang kasi ang pinakamatinong dress na mayroon siya at nagpapasalamat nga siya’t kasya pa iyon sa kanya. Her hair was in a half chignon style. Naglagay lamang siya ng bahagyang make-up sa mukha.

Parang ayaw humakbang ang mga paa niya. Pakiramdam niya ay hindi niya mapapangatawanan ang maging *girlfriend* ng isang Kyle Sandoval. Abot-abota ng nerbiyos na nararamdaman niya. Mas malala pa yata ang nararamdaman niya ngayon kaysa noong ipakilala siya ni Jake sa mga magulang nito.

“Ate, kuya’s there!” turo ni Yan-Yan at pagkuwa’y tinakbo na nito iyon.

“Yan-Yan, dahan-dahan lang.”

Natutop niya ang bibig nang may masagi nito ang isang ginang na may hawak na goblet sa kamay. Nagmamadaling dinaluhan niya ang kapatid na napasalampak sa semento.

“Oh my God!” ani Ginang.

Nang maitayo ni Melissa si Yan-Yan ay napatingin siya sa ginang. “I-I’m sorry po. Ako na po ang humihingi ng pasensiya sa kanya. Excited lang po kasi siya masyado. Sorry po talaga.”

“Isa ka ba sa mga employees ni Kyle? You should have not bring a child here.” Bakas sa boses nito ang pagka-irita. Sino ba naman ang hindi magagalit gayong natapunan ito ng wine sa magara nitong damit?

Naiyuko niya ang ulo. “I-I’m really sorry po...”

“Ma, what’s going on here?” anang isang pamilyar na tinig.

Napalingon siya. Pareho silang natigilan nang makita ang isa’isa. Hinagod pa muna nito ng tingin nag kabuuan niya. Napansin niya ang pagkunot ng noo nito. Ang bilis ng tibok ng kanyang puso. Hindi ba nito nagustuhan ang ayos niya? And wait, Mommy ba nito ang hindi sinasadyang masagi ng kapatid niya? Oh my!

Lumapit si Yan-Yan kay Kyle at nangunyapit doon. “Hi-Hindi ko naman sinasadya, Kuya. Excied lang ako na lapitan ka, eh.” Umiiyak na ito.

Niyukod ito ni Kyle at pinunasan ang luha nito. “It’s okay baby. Don’t cry.”

“Kyle, do you know them?”

Napakislot siya nang lapitan siya ni Kyle at hapitin nito ang baywang niya. “Mom, I’d like you to meet Melissa, my girlfriend...”

Kitang-kita ang panggigilalas ng ginang sa sinabi nito. “Oh, really son? Siya na ba iyon?”

“Yes, Mom. Ako na rin ang humihingi ng sorry sa nangyari. It was an accident.”

Gumawi ang kapatid niya sa kanan ni Kyle. "I'm sorry po." hinging-paumanhin nito.

Mula sa pagiging irritable ay sumilay na ang ngiti sa mukha ng ginang. Niyukod nito ang kapatid niya. "Apology accepted my darling." Pagkaraan naman ay masuyong hinawakan nito ang kamay niya. "Pasensiya ka na kung nasigawan kita, ha? Naha-hassle lang ako sa pag-aayos ng event. You know what, we're really waiting for you. It's really nice meeting you."

Ngumiti siya. "I am pleased to meet you, Ma'am. Pasensiya na po ulit at nadumihan ang suot n'yo."

"No, it's fine. Puwede namang magpalit, eh. And please start calling me "Mama"."

Napalunok siya. "Ahm...Po?"

"Okay. Kung naiilang ka pa, you can call me "Tita", huwag lang Ma'am."

Napatingin pa muna siya kay Kyle bago muli sa ginang. Pilit siyang ngumiti. Okay, tita."

"Kyle, ikaw na ang mag-assist sa kanila, ah? Ay teka lang, what's the name of this cute girl?" anito na pinisil pa ang baba ng kapatid.

"Marianne po," maagap na sagot ng kapatid. "Yan-Yan po for short."

"Nice name. Enjoy here, darling."

Pagkatapos niyon ay ipinakilala naman siya ni Kyle kay Mr. Sandoval. Nakilala rin niya ang isa pa nitong kapatid na si Clarissa. She admired their family. Napaka-close ng mga ito sa isa't isa. Kung nabubuhay pa siguro ang mga magulang niya ay ganoon din ka-intact ang pamilya nila. She missed them already. Mayamaya pa ay nagsalita sa mikropono si Mr. Sandoval. Ipinahayag nito kung paano sila nagkakilala ng asawa nito. At pagkatapos ay ni-recite

muli ng mga ito ang vow nila sa isa't isa. She was swept away by the moment. It's very inspring. Siya kaya, makakatagpo pa kaya siya ng tulad ni Mr. Larry? O kung makatagpo nga siya, magagawa na nga ba niyang isugal muli ang puso?

Ilang sandali pa ay pumailanglang ang isang malamyos na musika sa paligid. Nagsayaw ang mag-asawa. They're very sweet with each other. Kitang-kita sa mga mata ng mga ito ang pagmamahal sa isa't isa. Nang matapos ang isang kanta ay nagpahinga nag mga ito at ibang panauhin naman ang nagsayaw.

“May I have this dance with you?”

Tiningala niya ang may-ari ng boses. Obviously, it's Kyle.

“Ayiie ate! Sige na dance na kayo ni kuya,” tudyo naman ng kapatid.

She reached for his hand. Nagsimulang manikip ang dibdib niya nang nasa dance floor na sila. Inilagay nito ang mga kamay sa baywang at ipinuwesto naman niya ang mga kamay sa balikat nito. Mas malakas pa yata sa background music ang ritmo ng puso niya. Nakakabingi. His eyes were fixed on hers. Nalulunod siya sa titig nito. As if she's back from being twenty-three. Bakit ba sa tuwing titingin siya sa mga mata nito ay isang tao ang naaalala niya?

“You know what Liz, you can start calling me now *weirdo*. Pakiramdam ko kasi hindi sa Laguna tayo unang nagkita...”

Nanlambot ang tuhod niya. Humigpit ang hawak niya sa balikat nito na para bang doon humuhugot ng lakas. “Wh-What do you mean?”

“I don't know... Una pa lang na nakita kita ay parang pamilyar ka na sa akin.”

Napalunok siya. Exactly the same feeling that she have felt. Posible nga bang dati nang nagkrus ang landas nila? Pero saan? Kailan? Malaking coincidence naman kung ito rin ang lalaking nakaengkuwentro niya noon. “Hmm, sa pagkakaalala ko, talagang iyon ang una nating pagkikita, eh.” Nasabi na lamang niya. Gusto niya sanang tanungin ito kng may naatted-an itong masquerade ball pero nahihya siyang itanong.

“You’re so beautiful tonight, Melissa. Ayy no. Kulang pa ang salitang ‘beautiful’ to describe you. Ang tanga lang ni Jake. Hindi ko akalain na magagawa kang saktan ng kung sinumang lalaki. You are a very special woman, Liz. You deserved to be treated like a princess. Oh correction, like a *queen* pala dapat. Si Yan-Yan nga pala ang prinsesa.”

“Bakit mo sinasabi sa akin ‘yan, Kyle?”

“Hindi pa ba obvious? Naging manhid ka na ba talaga simula nang nangyari sa inyo ni Jake? Are you still in love with that *jerk*?” halos hindi humihingang sabi nito.

Napatigil siya sa pag-sway. “Hi-Hindi kita maintindihan, Kyle.”

“Keep on dancing, sweetie. They’re watching us.”

Natorete siya. Gahibla na lamang ang distansiya ng mga mukha nila. Malaking torture iyon sa kanya. Nagkukumawala na sa ribcage ang puso niya. “P-Puwede bang sagutin mo na lang ako. Akala ko ba no strings attached?”

“Liz, hindi ko na kaya. Binubuwag ko na ang kasunduan natin. Pinuputol ko na ang pagkakaibigan natin. I can’t be friend with you because I have started loving you, Liz.”

Parang batingaw na kumalembang iyon sa utak niya. “Wh-What?”

“I know na ngayon ka pa lang nagmu-move on sa nangyari sa inyo ni Jake pero hindi ko na talaga kayang sarilinin ang nararamdaman ko. Mababaliw na ko, Liz. Sinubukan ko namang kontrolin ang nararamdaman ko, eh. Pero kahit anong gawin ko, ikaw at ikaw pa rin ang laman ng puso’t isip ko... You’re the only one who took my heart away.” pag-amin nito.

“Pero Kyle...”

“You don’t have to say you love me too but please let me prove myself to you... May I court you?”

Nagsusumamo ang mga nito. Hindi niya kayang tingnan ito ng direktso kaya inilihis niya ang tingin sa mga paa. “Kyle I’ll be honest with you, I like you.” pagtatapat niya. “Yes, I like you...but I don’t think na lalagpas pa iyon doon, eh. I don’t think that I could love again. Wasak-wasak na ang puso ko, Kyle. You don’t deserve a woman *just* like me. At bakit ako pa?”

“Hindi ko rin alam ang sagot doon kasi iyon din ang tanong ko sa sarili ko. Melissa, I don’t ask anything in return. Just let me court you. Gusto ko lang na mapatunayan kung gaano kita kamahal. Let me erase all the pains he’d caused you. Hayaan mo sana akong tulungan kang buuin ang sarili mo at maibalika ang paniniwala mo sa pag-ibig. Please...”

“Mahihirapan ka lang, Kyle. Alam mo bang halos ayawan ako ng pamilya noon ni Jake dahil kargo ko si Yan-Yan? Kyle, mayaman ka at mahirap lang ako. Hindi nababagay ang isang tulad ko sa isang *king*.”

“Pagtatalunan na naman ba natin ‘yan? Uulit-ulitin ko bang sabihin sa iyo na wala akong pakialam sa estado mo. Ano naman kung mahirap ka? Nasa batas na ba ngayon na kung

mayaman ka ay dapat lang din na mayaman ang mahalina mo? Melissa, don't judge my love and don't ever dare to compare it with *him*. Iba ako sa kanya. Hinding-hindi kita sasaktan..."

"Kailan lang tayo nagkakilala, Kyle. Ayoko lang na paasahin ka at saktan ka."

"Let's give it a try, Liz."

Sinalubong niya ang tingin nito. *Gustung-gusto kong subukan ang pagmamahal mo, Kyle pero takot na ko magmahal muli. Takot na akong magkamali ulit.*

"Halika na, maupo na tayo," mayamaya'y sabi ni Kyle.

Nang maigiya siya nito sa table na kinapupuwestuhan kanina ay agad itong umalis. Hindi ba't tama naman ang ginawa niyang desisyon? Pero bakit parang pinipilipit ang puso niya? Hindi man nagsalita ang binata ay naramdaman niya na nasaktan ito. Kung bakit ba naman siya pa ang minahal nito?

"Bakit ganoon ang hitsura ni Kuya?" pukaw sa kanya ni Claire.

"Huh?"

"Parang papatay lang ng tao, eh. Nag-away kayo?"

"Hindi ah," sagot niya na umiwas ng tingin dito.

"Uyy, may LQ sila," tudyo pa nito. "Ate Mhel, alam mo ba na alam ko ang isang malupit na sikreto ni Kuya. Do you want to know?"

"Huh?"

“Ate, relax. Mukhang masyado yatang seryoso ang pinagtalunan n’yo, ah? Alam mo bang ngayon ko lang nakitang nagkaganoon ang kuya ko? While he’s waiting for you kanina, para siyang ewan na hindi mapakali. Lagi niyang tinatanong if ayos lang ba ang hitsura niya or what. He must really be that in love with you. Ikaw ang kauna-uanhang babaeng ipinakilala ni Kuya kina Mama at Papa, sa amin...”

Lalo pang pinipiga ang puso niya sa naririnig mula rito. “Hindi pa ba talaga siya nagkaka-girlfriend?”

“You’re the first. Pero sa pagkakaalam ko nagmahal na rin si Kuya, eh. Aksidente ko lang nalaman ‘yon. Umuwi kasi siyang lasing na lasing at ako ang nag-asikaso sa kanya. Sa sobrang kalasingan, nabanggit niya ang tungkol sa babaeng hinahanap niya. Pero hindi ko na alam kung ano ang nangyari, eh..”

“Ganoon ba?”

“I hope and I want to believe na *ikaw* na ‘yong babaeng magpapasaya sa kuya ko...”

Guilt started to eat her. Nakokonsensiya siya dahil imbes na pasayahin ito ay kabaligtaran ang nangyayari. Kung magagawa lamang sana niyang buksan ang puso niya. Ang kaso nga ay pira-piraso iyon kaya paano pa niya ito mapapasok sa puso niya?

SI KYLE ang naghatid sa kanila ni Yan-Yan pauwi. Naging maayos naman ang buong durasyon ng biyahe ng dahil sa kapatid niya. Kung marahil wala iyon doon ay baka may nagliliparan ng anghel sa paligid sa sobrang tahimik.

Pero si Yan-Yan lang talaga ang kinikibo ni Kyle. Pagdating sa kanya ay mailap ito. Matipid ang bawat salita nito. Nang makarating sa destinasyon ay pinagbuksan sila nito ng pintuan. Iniabot niya kay Yan-Yan ang susi ng bahay. Nagpaalam muna ito kay Kyle at pagdaka'y napatiuna nang pumasok sa loob.

“Good night din, Melissa.” Iyon lamang at tumalikod na ito.

Mabilis na hinawakan niya ang braso nito. “Kyle, I’m sorry... Sana maintindihan mo ang desisyon ko.”

Kyle faced her. “Kahit pa ano ang naging desiyon mo ay hindi pa rin ‘yon makakahadlang sa plano kong panliligaw sa ‘yo. I’m already decided, Liz. Mahal kita at handa akong patunayan ‘yon sa iyo. It’s late, matulog ka na. Sweet dreams,” anito at pagkuwa’y masuyong kinintalan nito ng halik ang kanyang noo.

CHAPTER 10

PAPASOK na si Melissa sa loob ng kabahayan nang may tumawag sa kanya. At nang lingunin niya ang tinig ay napatda siya. Paano nalaman ni Jake ang address ng bahay nila?

“Jake, what are you doing here? How did you get my address?”

Hindi nito pinansin ang tanong niya. “Kayo na ba talaga ng lalaking ‘yon? Mahal mo na ba siya?”

“It’s none of your business.” matigas ang tinig na sagot niya. “Ano ba ang ginagawa mo pa rito? Jake, lumayo na ko. Ayoko na ng gulo. Maayos na ang buhay naming magkapatid dito. Just help me to move on. To get over all the pains you had given me.”

He held her hands. “Wala na tayong problema, Mhel. Puwede na natin ulit ituloy ang kasal. Let’s settle this, Mhel. I love you so much.”

Inalis niya ang mga kamay nito sa kanya. “Are you out of your mind, Jake? Paano pa natin aayusin ang sa atin gayong magkakaroon ka na ng anak? Sila na lang ang pagbuhusan mo ng atensyon at pagmamahal, Jake. Pinutol ko na ang anumang namamagitan sa atin.”

“Wala akong ibang gugustuhin na magdala ng anak ko kundi ikaw, Mhel. And don’t worry about Janette. We’re done. At saka hindi na kami magkakaroon ng baby.”

“What do you mean?”

“Nakunan siya...” Hindi nakalagpas sa pandinig niya ang lungkot sa boses nito. “Mhel, do you still love me, ‘di ba?”

“Hindi na kita mahal, Jake. Hindi ko na kaya pang mahal in ka. Hindi ko na kaya pang masaktan uli. Tama na ang ilang beses na pangloloko mo sa akin. Tama na ang ilang beses na nagpakatanga ako sa iyo. Tigilan mo na ko!” Tinalikuran na niya ito. Handan a siyang pumasok sa loob nang magsalita pa ito.

“Ano ba ang nakita mo sa lalaking ‘yon, ha? Dahil ba siya rin ang lalaking kinahumalingan mo noon sa kung anumang masquerade ball na ‘yon?” Tumaas ang timbre ng boses nito.

Napaharap siya rito. “What did you say?”

“Narinig kong nag-uusap kanina sina Kate at iyong Kyle na ‘yon. Piang-uusapan nga nila iyong tungkol sa masquerade ball kung saan ka may nakilalang isang lalaki. Why didn’t you tell me about that, Mhel?”

Hindi na niya naintindihan pa ang mga sinabi ng dating nobyo. Ang tanging rumehistro sa utak niya ay ang kaalamang si Kyle at ang lalaking unang humawak sa puso niya ay iisa... Totoo ba iyon? Sa isiping iyon ay may kung anong pumitik sa utak niya.

You know what Liz, you can start calling me now weirdo. Pakiramdam ko kasi hindi sa Laguna tayo unang nagkita...

Kailan pa nito nalaman?

Sumingit din sa isip niya ang sinabi ni Claire. *You’re the first. Pero sa pagkakaalam ko nagmahal na rin si Kuya, eh. Aksidente ko lang nalaman ‘yon. Umuwi kasi siyang lasing na lasing at ako ang nag-asikaso sa kanya. Sa sobrang kalasingan, nabanggit niya ang tungkol sa babaeng hinahanap niya. Pero hindi ko na alam kung ano ang nangyari, eh.*

HINDI nakatulog si Melissa nang nagdaang gabi. Gustung-gusto na niyang makompronta si Kyle at dahil doon ay maaga siyang pumasok. Naguluy-tuloy siya 30th floor kung nasaan ang opisina ng lalaki. Hinintay niya ang pagdating nito.

Hindi naman siya naghintay nang matagl dahil ilang minuto lang ay dumating na ang binata. Nasorpresa ito nang maabutan siya roon.

“Melissa, may problema ba?”

“Nasaan ka no’ng September 21, 2006?”

Nag-isip ito. “I don’t know... Ang tagal na no’n para maalala ko pa. Why did you ask?”

Ngumiti siya nang mapakla. “Liar.” Kinuha niya mula sa bag ang ticket sa masquerade ball. Inabot niya ang kamay nito at saka inilagay doon ang piraso ng papel. “Now tell me, um-attend ka ba diyan?”

Matamang pinagmasdan nito ang ticket. “So, alam mo na...”

“Kailan mo pa nalaman?”

“No’ng nagkita tayo sa Laguna, sabihin na nating nakilala ka na agad ng puso ko. But I ignored that. At sa tuwing titingnan kita ng sa mata sa mata ay ang babaeng *careless* ang naaalala ko. Pero hindi ko pa rin pinansin at inisip ko na baka nagkataon lang. Kaya lang lalong nadagdagan ang pagdududa ko kahapon no’ng muntikan ka nang tamaan ng pinto.”

“Kaya tinawagan mo si Kate?”

“Yeah, I did. Ang sabi ko nga sa ‘yo mababaliw na ako. You’re driving me crazy, Liz. I have asked Kate if you happened went on a masquerade ball. When she said yes, sinulit ko na ang pagtatanong. Hanggang sa mag-confess na ako kay Kate.”

“Claire had told me na sinubukan mo raw na hanapin ako?”

“Yes. Sinubukan kong hanapin ka. Lumapit ako sa event coordinator at tinanong ko siya kung mayroon siyang list ng mga dumalo sa ball kahit alam kong imposible ‘yon. At gaya nga ng inaasahan ko, wala silang list, eh. At kaya rin ako nagpapatianod kay Thalia kapag isine-set niya ako ng blind date sa pagbabakasakaling makilala kita. But still, I failed. And yet, si Thalia pa rin ang dahilan kung bakit nagtagpoa ng mga landas natin...”

“No, Kyle. Dahil iyon ang nakatakdang mangyari. Dahil iyon ang plano ni God para sa akin. Alam mo bang simula nang pagkikita nating ‘yon inagaw mo na ang atensiyon ko. Halos magdalawang-isip ako sa pagpapakasal kay Jake. Halos mabaliw rin ako sa kakaisip kung saan ba tayo nagkita. But then gaya ng ginawa mo, hindi ko na pinahirapan ang sarili ko at hindi na lang pinansin iyon.”

He stepped closer to her. Masuyong hinawakan nito ang mga kamay niya at saka dinampian ng halik ang mga iyon. Kapagkuwan ay dinala nito ang mga iyon sa mga pisngi nito. “I love you, Melissa. Kagabi pa ko nagpipigil na sabihin sa ‘yo ang tungkol do’n sa masquerade ball dahil ayokong bigyan mo ko ng pagkakataon na ligawan ka nang dahil do’n.”

Dinutdot niya ang tungki ng ilong nito. “I have told you that I like you, ‘di ba?” *And I love you, Kyle. Then and now...* dugtong niya sa isip. Kagabi niya napagtanto sa sarili na hindi pa rin pala niya nakakalimutan ang misteryosong lalaki iyon. Na mula noon ay inalagaan lamang

niya sa puso ang damdaming itinatangi niya para rito. But then again, nandoon pa rin ang takot niya.

“But you have told me too na hindi na iyon lalagpas pa...” He sighed. “Liz, I know you’re still mending your broken heart but please let me help you in the process. Let me heal all the wounds. Let me love you...”

“Are you willing to wait?”

“Ang taong tunay na nagmamahal ay handang maghintay. Hmm, may basbas na ba ngayon ang panliligaw ko?”

Tumangu-tango siya. Nagitla siya sa sumunod nitong aksyon. Bigla siyang niyakap nito. Gosh...It felt so good to be wrapped around his arms.

KALAHATING taon na rin ang nilalakad ng panliligaw ni Kyle kay Melissa. At hindi niya maintindihan kung bakit hanggang ngayon ay hindi pa rin siya sinasagot ng dalaga. Hindi naman siya nagkukulang sa pagpapakita ng totoong nararamdaman niya para rito. Pero hindi siya susuko. Kahit umabot pa ng taon bago niya makuha ang ‘oo’ nito ay ayos lang sa kanya.

Ipinaalam na rin niya sa pamilya ang totoong estado nila ni Melissa. Inamin niya sa mga ito na hindi pa talaga niya girlfriend ang babae pero sinabi naman niyang kasalukuyan niya itong sinusuyo. Botong-boto naman ang mga ito sa dalaga. Ang sabi pa nga ng mga ito ay huwag nang pakawalan pa si Melissa. At talagang iyon ang gagawin niya. Hindi niya sasayangin ang pagkakataong ibinigay sa kanya ng itaas.

Kipkip ang ngiti sa mga labi na tinahak niya ang daan ng kinaroroonan ng department ni Melissa. Ilang metro na lamang siya nang bumukas ang pinto niyon at iluwa ang nagkukumahog na babaeng sadya niya roon.

“Liz, is there anything wrong?” Lalo siyang nag-alala nang makitang umiiyak na ito.

“Kyle, sinugod sa hospital si Yan-Yan.”

“What?”

“Masasamahan mo ba ko?”

Tumango siya. Dali-dali silang sumakay ng elevator at walang patumpik-tumpik na tumuloy sa parking area. Nang nasa loob ng kotse ay kumawala ang hagulhol ni Melissa. Parang madudurog ang puso niya. Halos liparin nila ang daan patungo sa hospital na pinagdalan sa bata. Nang makarating sa hospital ay naabutan nilang nire-revive si Yan-Yan. Hinigpitan niya ang kapit kay Melissa na halos hindi na mapakali.

“Yan! Oh hindi... Hindi ka pa puwede mawala. Lumaban ka Yan-Yan...”

Niyakap ni Kyle nang mahigpit ang babae. *Diyos ko, huwag N’yo po munang pahintulutan na mawala si Yan-Yan. Hindi pa po kaya ni Melissa. Bigyan N’yo pa po sana sila ng pagkakataon na magkasama pa.* Ilang sandali pa ay bumalik ang heartbeat nito na ipinagpasalamat niya. Noon din ay kumalma si Melissa.

“Kyle, ayos na siya, ‘di ba?”

Tumangu-tango siya, kasabay nang pagpunas niya sa mga luha nito. “Teka, nasaan si Kate?” Ito ang nagdala sa bata sa hospital. Mayamaya ay humahangos na ito.

“Kumusta na?”

“Hindi pa namin nakakausap ang doctor. Saan ka ba nanggaling?”

“Sa kapilya, Kyle.”

“*Bhezzie*, ano ba talaga ng nangyari?” usisa ni Melissa.

“Eh, hindi ko rin masyadong namalayan dahil tahimik lang naman siyang nagsusulat tapos mayamaya lumapit sa akin at umuungot na hindi raw siya makahinga. Nataranta ako no’n. Ni hindi ko nga matandaan kung paano kami nakarating dito, eh.”

Lumabas ang doctor sa emergency room. “Sino ang kamag-anak ng pasyente?”

“Ako po ang kapatid niya,” si Melissa. “Kumusta na poa ng kondisyon niya? She’s out of danger, ‘di ba po?”

“We still need to observe her. Hindi normal ang heartbeat ng bata. I presume na may sakit siya sa puso, tama ba? Milagro nga na narevive namin siya kanina, eh. Matapang ang bata. Nilalabanan niya ang sariling sakit.”

“Puwede ko na po ba siyang makita?”

Isang tango ang isinagot ng doctor. Inalalayan ni Kyle ang babae papasok ng silid. Nagsalita siya. “I will always be here, Liz. Be strong. Ngayon ka mas kailangan ni Yan-Yan.”

“YAN, nandito na si ate... It’s time to wake up,” lumuluhang sabi ni Melissa. Sinuklay-suklay niya ang buhok nito. Kung magagawa lang talaga niyang pagpalitin ang sitwasyon nila ay ginawa na niya. Hindi niya kayang nakikitang nahihirapan ang kapatid niya. Bakit ito pa?

Pagkalipas ng ilang segundo’y nagmulat ng mga mata ang kapatid. Pilit niyang pinasilay ang ngiti sa kanyang mga labi na para bang walang nangyari.

“Ate mamatay na ba ko?” bungad nito sa kanya.

“Don’t say that!” paasik na sabi niya.

“Kasi nakita ko sina Mama’t Papa, eh... Tinatawag nila ko...” turan nito.

Nangilabot siya. Gusto niyang himatayin sa mga binitiwang nitong salita. “Yan, sabihin mo kina Mama at Papa na huwag ka munang kukunin sa akin, ha? Huwag ka munang sasama sa kanila. Hindi ko pa kaya, Yan-Yan. ‘Di ba ang sabi mo hinding-hindi mo iiwan ang ate?” Humulagpos ang luha sa mga mata niya.

Inabot nito ang niya. Binalangkas ng daliri nito ang noo niya papunta sa dulo ng kanyang ilong. “I love you so much ate... Thank you for everything—for the love, time and care na ibinuhos mo sa’kin. Tutuparin ko pa rin naman ang pangako ko, ate. Hindi naman po kita iiwan. Kasi... Lagi akong nandiyan sa puso mo at... ako na rin ang magiging anghel dela guwardiya mo ate kaya lagi pa rin akong nasa tabi mo...”

“Huwag kang magsalita nang ganyan Yan. Para namang mawawala ka na, eh. Hindi ka pa mawawala, okay? Hindi mo puwedeng iwan si ate. I love you so much. Hindi ko alam ang mangyayari sa akin kapag nawala ka. Please huwag...”

Bumaling ito ng tingin kay Kyle na nasa tabi niya. “Kuya, alagaan mong mabuti si ate, ha? Ikaw na ang bahala sa kanya. Kapag pinaiyak mo si ate mumultuhin kita!” biro pa nito.

“Oh my cutie princess...” He caressed her left cheek. “Makakaasa ka. I will take care of your, ate.”

Pagkuwa’y lumingon ito sa direksyon ni Kate na humahagulhol na. “Ate Kate, thank you rin po sa pag-aalaga sa akin. Alam ko na lagi ka lang nandiyan for my ate. Iba-bye n’yo na lang ako kay Kuya Jake, ha?” Tumingin ito sa kanya. “Sinusundo na ko nina Mama’t Papa, ate. I love you ate. I love you Kuya.”

“We love you more...” magkakasabay nilang sabi.

Marahang pinunasan pa ni Yan ang luhang sumungaw sa kanyang mga mata at pagkatapos ay ngumiti ito sa kanila.

“Please smile, ate...Gusto kong baunin ang matamis mong ngiti,” pakiusap nito.

Labag man sa loob niya’y wala siyang nagawa kung hindi tumalima sa nais ng kapatid. Hinawakan niya anng mahigpit ang kamay nito at gumanti naman ito ng hawak sa kanya. Ilang segundo pa ay naramdaman niya ang pagwala ng higpit ng kamay nito sa kanya. At nang ipikit nito ang mata ay napahagulhol siya.

“Yan!!! No!!!” Pinindot niyang nang pinindot ang button sa gilid. Mayamaya’y nagsidatingan na ang mga nurses at ang doctor.

Sinubukan pang i-revive ang kapatid ngunit wala na ring nagawa ang mga iyon.

“Yan!!!” Hinapit siya ni Kyle. “Kyle please tell me it’s not real... Panaginip lang ‘to ‘diba?”

Nang hindi ito umimik ay napahagulgol na siya ng malakas. Kumalas siya sa yakap ng lalaki saka dahan-dahang nilapitan ang kapatid.

“Yan, bakit natulog ka na agad? Bakit hindi mo hinintay si ate? Gusto mo bang kantahan kita? ‘Di ba ‘yon ang niri-request mo sa’kin before ka matulog...”

Somewhere out there if love can see us through

Then we'll be together somewhere out there

Out where dreams come true

Pagkatapos niyon ay niyakap niya nang mahigpit ang wala ng buhay na katawan ng kapatid.

CHAPTER 11

MASAKIT sa loob ni Melissa na kailangan nang ihatid sa huling hantungan ang kapatid. Iyon na ang huling pagkakataong masisilayan niya ang mala-anghel na mukha nito. Hanggang sa mga puntong iyon ay hindi pa rin siya makapaniwala na hindi na niya ito makakasama pa.

Sa pagsaboy nila ng mga puting rosas sa kabao nito ay nabuhay muli sa kanyang alaala ang mga panahong kasama at kakulitan niya ang kapatid.

“Yan, you will always be my little angel, my baby and our cutie princess... I will miss your smile, ang mga pilya mong kalokohan, ang pangungulit mo, ang paglalambing mo, everything... I am so lucky that I have given eight years of chances—mga pagkakataong makasama kita. Ngayon ko lang ito aaminin, nagsinungaling ako sa ‘yo. Hindi lang basta *asthma* ang sakit mo. May sakit ka sa puso. Patawarin mo ang ate kung nag-lie siya sa ‘yo. Gusto ko lang naman na bigyan ka ng normal na buhay. Na hindi mo iisipin na hanggang dito o doon lang ang puwede mong gawin dahil nga may sakit ka. Hindi ko matanggap na wala ka na, Yan-Yan. Mahirap na gigising ako sa umaga ‘tapos wala nang mangingiliti sa akin at babati ng ‘Good morning’. Mami-miss ko ‘yong time na tuwing subsob ako sa work ay pinagtitimpla mo ako ng gatas pagkatapos saka mo hihilutin ang sentido ko.

It will take a lifetime to move on... Hinding-hindi ka malilimutan ni ate... Tell me, how to say goodbye? I will miss you forever my baby...” madamdaming litanya niya.

Pagkaraan ay tatlo na lamang silang natira sa puntod—siya, si Kate, si Kyle.

Kate patted her on her shoulder. “*Bhestie*, may pinapabigay pala sa iyo si Yan-Yan. Inabot niya sa akin ‘to the time na lumapit siya sa akin at hindi makahinga. I think, ito yata ang sinusulat niya no’n, eh.”

Inabot niya ang piraso ng papel.

Para sa pinaka na, the best pang ate in the world,

“There’s no permanent in this world...” Tama po hindi ba?

Ate nagtatampo ako sa ’yo... Tinago mo po kasi sa akin ang tungkol sa tunay kong sakit. Sabi nga po, walang sikretong hindi nabubunyag. Matagal ko na pong alam na may sakit ako sa puso. Six years old pa lang po ako no’n no’ng malaman ko ang buong katotohanan.

Natutop niya ang bibig. “I’m sorry, Yan-Yan.”

Mahal na mahal kita, ate. Kahit na nahihirapan ka, hindi n’yo pa rin po pinapahalata iyon sa akin. Lagi kang nagpapakatatag para sa akin. Maraming salamat po kasi kayo ang naging ate ko... You’re the greatest teacher and the best ate in the world for me! Thank you rin po sa pagtiya-tiyaga niyo sa kakulitan ko. Tiis na lang po at malapit na pong mawala ang sakit sa ulo n’yo. Hahaha!

“Never in my whole life na inisip ko na you’re such pain in the neck... You’re not...”

Mawala man ako ate, I will still be there beside you... At lagi lang po akong nasa puso mo. Ate, ‘wag po kayo masyadong magpapagod, ah? Huwag din po kayo masyadong malulungkot oras na umalis na ako, ha? Talaga naman pong dumarating ang puntong iyon ‘di ba? Mauuna nga lang ako...

“Yan naman, eh. I can’t imagine that a seven-year-old child like you could easily accept death...”

I love you more and more and more, ate. Bawal po umiyak! Smile...

“Can you please teach me how to smile? How can I move on, Yan?”

“**LIZ**, hindi mo ba talaga ako kakausapin?”

Itiniklop ni Melissa ang bond paper at saka iyon inilapag sa tapat ni Kyle. Nakapagdesisyon na siya. Mataman siyang tiningnan nito bago nito kinuha ang papel. Kunot-noong binasa nito ang nilalaman niyon. Lalo lang lumalim ang gatla sa noo nito sa salita marahil na bumungad sa mga mata nito. At nang matapos nitong mabasa ang sulat ay hindi makapaniwalang tiningnan siya nito.

“You’re resigning? But why? Liz, dalawang linggo mo akong hindi kinausap, pagkatapos ganito pa ang ibubungad mo sa akin? Melissa, naiintindihan ko naman ang sitwasyon mo, eh. I know you can’t able to focus on your work at this point time. Kaya nga pinayagan na kitang mag-leave, ‘di ba?”

“Kyle, gumuho ang mundo ko nang mawala sa akin si Yan-Yan. Para akong unti-unting namamatay. Para na nga lang akong robot na de susi na gumigising sa umaga, pilit na kumakain kapag oras ng pagkain, natutulog kapag oras na para matulog. Pagod na pagod na ko sa buhay ko, Kyle...”

He gently held her hands and slightly squeezed them. “I know you’re hurt. I know it is hard for you to get over. I know you still can’t accept that she’s already gone. Pero buhay ka pa Melissa. Remember, Yan-Yan wants you to be happy. You should move on for her.”

“Hindi ko puwedeng kalimutan ang mga nangyari, Kyle. At hinding-hindi ko malilimutan ‘yon. Umaga pa lang pinapaalala na no’n sa akin ang kapatid ko.”

Hindi ko naman sinabing kalimutan mo. You should at least move forward for Yan-Yan, for yourself and for the people around you. Nandito pa kami, Liz. Hindi ka naman nag-iisa. Sasamahan ka namin. Hinding-hindi kita iiwan, Liz. I love you, always.”

“Kyle, after what happened, wala na kong karapatang maging masaya pa. I’m sorry pero hindi ko masusuklian ang pagmamahal mo para sa ‘kin. Magmahal ka na lang ng iba dahil hindi ako ang babaeng nararapat para sa ‘yo...”

“Oh please Liz... Don’t do this. Alam kong nalilito ka lang dahil sa mga nangyari—”

“Yeah, I am. Nalilito ako at gusto ko munang mapag-isa. Gusto kong hanapin ang saili ko. Gusto kong matagpuan ang dating ako. Gusto kong mabuhay para kay Yan-Yan pero magagawa ko lang ‘yon kung matatanggap ko ang mga nangyari. Kailangan ko munang lumayo... Sana hayaan mo na lang ako, Kyle. Sana maintindihan mo kung bakit koi to kailangang gawin.”

“Kailangan ba talagang gawin mo ‘to?”

“Oo, Kyle. Kailangan.”

Marahas itong napabuntong-hininga. “Wala naman akong karapatan para pigilan ka sa kung ano ang gusto mong gawin, Liz. Pero ito lang ang sasabihin ko sa iyo. Ikaw lang ang babaeng mamahalin ko. Ikaw lang ang bababaeng para sa akin...”

“Kyle...”

“Promise me, kapag naka-move on ka na, babalikan mo ko. Maghihintay ako sa ‘yo, Melissa.”

“I won’t like to promise anything, Kyle... Ayoko lang na paasahin ka at saktan.”

“Basta, maghihintay ako sa iyo, Melissa Diaz.” Tumayo ito sa kinauupuang executive chair. Masuyong hinagkan nito ang noo niya. “I will always love you...”

“Oh Kyle...” Hindi na niya pinigil pa ang sariling yakapin ito.

Two years after...

INILAPAG ni Melissa ang hawak na bulaklak sa tapat ng nitso ng kapatid. Itinaas niya ang shades at tiningala ang bughaw na kalangitan. Maliwanag ngunit hindi naman masyadong mainit ang panahon. Sa katunayan, malakas ang ihip ng hangin doon. Marahil ay nagpaparamdam sa kanya ang kapatid. Siguro masaya ito sa pagbisita niya.

Ang bilis ng panahon. Dalawang taon na ang nakakalipas magmula nang mamatay ang kapatid. Iyon na ang second death anniversary nito. Yumukod siya saka hinimas ang lapida at pagkuwa’y kumuha ng kandila at sinindihan iyon. Ngunit dahil sa malakas na bugso ng hangin ay hindi niya iyon magawang sindihan.

“Hala, pasensiya na Yan-Yan at hindi ko maasindihan ang kandila. Ang lakas ng hangin, pahinain mo naman...” Tumingin siya sa paligid at ngumiti. For the long two years, ngayon lamang niya ulit natututunang ngumiti. Naa-appreciate na rin niya ang mga bagay sa paligid niya—ang magandang kalangitan, ang huni ng ibon, ang pagaspas ng hangin at kung anu-ano pa.

Sa Zamboanga siya naglagi sa dalawang taong hindi siya nagpakita sa kaninuman. Ni si Kate ay hindi niya sinabihan kung nasaan siya. Hindi naging madali sa kanya ang mamuhay nang mag-isa. May pagkakataon pa ngang sinubukan niyang magpakamatay. Uminom siya ng maraming sleeping pills pero sa kabila niyon ay nagising pa rin siya. Bago nga siya magising ay nagpakita pa sa kanya ang kapatid, maging ang Mama’t Papa niya. Sinabihan siya ng mga ito na magpakatatag. Nang magising siya ay nangako siyang mabubuhay siya. Pinilit niyang bumangon. Pinilit niyang tuparin ang pangako sa mga ito na magpapakatatag sa buhay.

Ibinalik niya ang tingin sa lapida. “Yan-Yan, na-miss mo ba ang ate? Kasi ako... Miss na miss na miss na kita...”

“Eh ako, na-miss mo ba?”

Awtomatikong napalingon siya sa pamilyar na boses. Parang hinahabol ng sampung kabayo ang puso niya sa bilis ng pintig niyon. She felt like crying. Napatayo siya. Matagal na niyang hinahanap-hanap ito pero alam niyang hindi pa siya handang harapin ito. She’s longing for his love, his care, his gentleness, his sweetness...

Gustung-gusto na niyang takbuhin ito at yakapin pero nahihiya siya. At saka dalawang taon na ang lumipas. Paano kung may sarili na itong buhay?

“Tititigan mo na lang ba ako? Hindi mo man lang ba ako kukumustahin? O dili kaya yayakapin?”

Hindi na siya nagpapigil pa. Tinakbo niya ito at niyakap nang mahigpit. Nagsumiksik siya sa dibdib nito. Bumalisbis na ang luha sa mga pisngi niya. Oh my, she missed being enclosed around his arms. It’s still Kyle Sandoval she had known before. Hindi pa rin ito nagbabago ng pabango. Walang nagbago dito. Mayroon pala. Lalo itong gumawapo.

“God, thank you!” sabi nito. “Ang tagal kong pinagmamasdan ka mula sa malayo. Ang tagal kong tinikis ang sarili ko na yakapin ka. Finally, I am now holding you in my arms. I’m longing for this.”

Nag-angat siya ng tingin. “Wait, hindi ko naintindihan ‘yong mga sinabi mo...”

“Akala mo ba hahayaan na lang kita nang gano’n lang? Ipinahanap kita sa isang private investigator. At grabe it took a lot time bago ka niya nagawang hanapin. Gano’n ka talaga kapursigido na magtago, ha? At nalaman ko ngang sa Zamboanga ka nag-i-stay. Sakto namang may resthouse ang pamilya namin doon. Hindi na ko nagdalawang-isip na doon muna pansamantalang maglagi. Through online ko na lang ako nakikipag-communicate with regard sa STC.”

“So, ikaw ‘yong nararamdaman ko na smusunud-sunod sa akin?”

“Definitely! Tinakot ba kita?”

Hinampas niya ito sa balikat. “Loko ka! Halos himatayin ako kapag may nararamdaman akong kung anong kaluskos sa likuran ko tapos ‘pag lilington naman ako eh wala naman akong nakikita. Nakakainis ka!”

“Ganoon kita kamahal, Liz. Hindi ko lang talaga kayang pabayaang ka.”

Isinampay niya ang mga braso sa balikat nito. “Huwag kang mag-alala, mahal na mahal din kita, Kyle. I’m sorry for hurting you. I’m sorry na kinailangan kong lumayo. I’m sorry na pinag-alala ko kayo. I’m sorry...”

Hindi ito makahuma. “Wh-What did you say? You...You...”

“Yes! I love you! I have already found love no’ng unang beses pa lang na magtama ang mga mata natin. You are my first love... And I want you to be my last love. I want to give you all the love and happiness you deserve, Kyle.”

“Oh God! Natupad din ang matagal ko nang hinihiling. Pero hindi ikaw ang dapat na nagsabi no’ng huli, eh. It’s my part. I will give you everything, Melissa. Wala akong hindi gagawin para sa ‘yo... Mahal na mahal na mahal kita.”

“Kapag sinabi ko bang tumalon ka sa napakataas na building ay gagawin mo?”

“Ipapagawa mo talaga?”

Napatawa siya. “Kapag tumalon ka, huwag kang mag-alala susunod ako...”

Pinisil nito ang tungki ng ilong niya. “I love you so much. Huwag mo na ko ulit iiwan, ha? Kasi hindi ko na kakayanin pa, Liz.”

Yinapos niya ito. “Hinding-hindi na mauulit... I promise not to leave you anymore. I love you again and again and again...”

Maingat na inilayo nito ang katawan sa kanya. Masyong hinawakan nito ang baba niya at unti-unti’y bumaba ang mukha nito. Then he finally claimed her lips. Ang halik na iyon ang

nmgseelyo sa mga pangako nila sa isa't isa. Punung-puno iyon ng pagmamahal, pilit pinupunan ang dalawang taong paghihiwalay nila... Simula sa araw na iyon ay nangangako siyang hinding-hindi na muli magiging mahina. Ang bawat unos nga nama'y may katapusan... At alam niyang simula rin sa araw na iyon ay mas iigting pa ang pagmamahalan nila ni Kyle sa isa't isa.

“SAAN mo ba talaga ako dadalhin, Kyle?”

Nakakailang tanong na si Melissa sa nobyo ngunit hindi naman siya nito sinasagot nang matino. Yeah, boyfriend na niya ito at isang taon na ang nilalakad ng relasyon nila. Sa bawat araw na dumaraan ay ams lalo pa nilang minamahal ang isa't isa.

“Sweetie?” untag niyang muli.

“Just sit and relax, my queen,” anito. “Oh, we’re already here.”

Napatingin siya sa paligid. Nagtaka siya nang sa simbahan huminto ang sasakyan. Ano na naman ba ang binabalk ng nobyo? Napakahilig nitong sorpresahin siya pero hanggang ngayon ay hindi pa rin siya nasasanay rito. Ni hindi pa rin niya natutunugan kapag may pinaplano itong kung ano.

Nnag makababa ay iginiya siya nito papaunta sa may altar. Habang naglalakad sila sa aisle ay pakiramdam niya ay ikakasal na sila. Parang idinuduyan siya sa alapaap. Ang sarap sigurong isipin na “sila” na talaga ni Kyle hanggang sa huli. Well, she believes na mangyayari iyon. Alam niyang “sila” na talaga ang nakatakda para sa isa't isa.

Nang sapitin nila ang dulo ay nanlaki ang mga mata niya nang lumuhod ito bigla sa harapan niya. Naglabas ito ng pulang kahita mula sa balsa. Nang buksan nito iyon ay tumambad sa mga mata niya ang isang diamond ring.

“Thank God I found a special being like you, Melissa Diaz. You’re the woman of my dreams, you’re the one I’ve waited for years and you’re the one I desire to be with for the rest of my life. Thank you Liz for teaching me how to love and for letting me to feel the magic of love... I’d like to share my life with you and be with you forever... I wish that you could be the one I die with. I will love you all my life...

“Will you be my bride? Will marry me, my queen?”

Wari ba’y napipi siya nang mga oras na iyon. Isang simpleng yes na lamang ay hindi pa niya mabigkas, para ba siyang naging isang tuod. Ang bilis ng mga pangyayari, kanina lamang ay iniisip niya iyon pero heto’t nangyayari na iyon.

“Nakakainis ka, Kyle! Lagi mo na lang ako ginugulat sa mga sorpresa mo.”

“Kaya nga surprise, ‘di ba? Dapat lang talaga na magulat ka.”

Huminga siya nang malalim. “Kyle...Ilang beses na kong nagmahal at ilang beses na ring nasawi sa pag-ibig pero heto pa rin ang puso ko, hindi pa rin napapagod na magmahal. All I’ve thought hindi ko na muli pang papasukin ang pag-ibig sa puso ko pero hindi ko pala kayang diktahan ang kapalaran. Ang akala ko’y si Jake na ang nakatakda para sa akin hanggang ang tadhana na rin ang naglayo sa aming dalawa. Tama nga na sadyang mayroong dahilan ang lahat ng bagay. Dahil mayroon pala talagang mas karapat-dapar. That’s you Kyle... I’m so lucky to have you dahil pilit mo pa rin akong inunawa nang mga panahong nagdadalamhati ako. Thank

you and I love you, Kyle... What you've done for me is already enough for me to say *yes* to your proposal... Yes, I will marry you, Kyle!"

Sa sobrang kagalakan marahil ng lalaki sa naging sagot niya ay agad siyang binuhat nito pagkaraan nitong isuot ang singsing sa kanya. And she didn't refuse when Kyle claimed his lips. She can't contain her happiness. Hindi na siya makapaghintay pa sa kasal nila.

She vowed to love him until the end of time... Ito lamang ang lalaking mamahalin niya ngayon, bukas at magpakailanman...

Author's Note:

WHOA! Natapos din ang lamayang pag-eedit ko ng kuwento nila Kyle at Mhel. Sana nagawa ko kayang pasayahin at pakiligin sa isa na namang akda ko. At sana magsilbing inspirasyon sa inyo ang nangyari kay Melissa. Hindi dapat tayo mawalan ng pag-asa. Ang sabi nga, There's a rainbow always afer the rain. Wha, kantahan na lang tayo. Hehe :)

Nakuha n'yo ba kung bakit I'd Still Say Yes ang title ng story? Medyo magulo ba? Kung iisipin mo, 'yong mga katagang iyon ay bagay sa tandem ni Melissa at Jake, hindi ba? Na handa pa rin siyang um-oo rito sa kabila nang mga pinagdaanan nila kaya nga lamang hindi iyon ang itinulot ng tadhana, eh. Melissa and Kyle still end up together. Ibva nga naman kapag first love... Memorable, 'di ba? Okay, naligaw na tayo. I entitled it I'd Still Say Yes dahil sa sitwasyon ng ating bidang si Melissa. Na sa kabila ng sakit na naranasan niya, na kahit halos madrog ang puso niya sa panlolokong ginawa ni jake at sa pagkamatay ni Yan-Yan ay nandoroon pa rin ang malaking espasyo sa puso niya para magmahal muli... Huwag nating gawing hadlang ang mga pinagdaraanang pagsubok upang isarado ang puso para magmahal at maging maligaya. Isipin natin na may dahilan ang bawat nangyayari sa atin. May magandang plano si God, may dahilan Siya kung bakit NIya pinahintulutan ang kung anumang nangyari sa buhay mo.

Ayy, may epilogue pa sana ito kaya lang masyado na akong umo-over sa words, eh. HAHA! I-post ko na lang sa aking fanpage ;) Sa mga nagbasa po at makakabasa pa, MARAMING MARAMING SALAMAT! Ikasisiya ko po kung mag-iiwan kayo ng cmmment sa TOP site or kaya naman sa aking fanpage. Whether hindi maganda o maganda ang komento ay akin pong tatanggapin.

I love TOP!

God bless us all!

-Heidz